



PAGPAPAKILALA SA

Islam

Isang-Buwang Pampanimulang Pag-aaral

AKADEMYA NG BAGONG MUSLIM

WWW.NEWMUSLIMACADEMY.PH



NEW MUSLIM
ACADEMY



***Sinumang pagnaisan ni
Allah ng kabutihan,
ipinauunawa Niya sa
kanya ang Relihiyon.***



—Propeta Muhammad (ﷺ)
(Itinala ni Imam Bukhārīy)

Pagpapakilala sa Islam

MGA LAYUNIN NG PAG-AARAL

Sa katapusan ng pag-aaral na ito, ang mag-aaral ay nararapat may kakayahang:

- Makaunawa sa kahulugan ng Islam;
- Maipakita ang pagkapandaigdigan ng Islam;
- Mabalangkas ang namumukod na mga katangian at mga layunin ng Batas ng Islam;
- Matukoy ang pangunahing mga pinaghahanguan ng Batas ng Islam;
- Maunawaan ang mga dahilan ng salungatan ng mga Muslim na pantas ng Fiqh¹ nang may pagpapahalaga at pagpaparaya sa mga pagkakaibang pang-Fiqh;
- Maitala ang mga Saligan ng Islam at ang mga Saligan ng Pananampalataya.

Kaalinsabay na Kakailanganin

- Mga araling mapanood sa video

Iminumungkahing Babasahin/Pakikinggan

- How to Approach and Understand the Qur'aan ni Jamaal Zarabozo
- The Authority and Importance of the Sunnah ni Jamaal Zarabozo
- The Evolution of Fiqh ni Abu Ameenah Bilal Philips
- Religious Extremism: in the Lives of Contemporary Muslims ni Jamaal Zarabozo
- Differences of Opinion Amongst the Scholars ni Ibn 'Uthaymeen
- A Guide for the New Muslim (12 audio CD Set) ni Jamaal Zarabozo

¹ Ang Fiqh sa literal na kahulugan ay pang-unawa o pagkaunawa. Sa teknikal na kahulugan, kaaalaman sa nga simulain ng Batas ng Islam at mga sangay nito. Ito ay kalipunan ng mga patakarang kaugnay sa mga gawain ng tao na isinabatas ng Islam. Isinasalin ito sa Ingles ng Jurisprudence. Ang dalubhasa rito ay tinatawag na faqih o jurist sa Ingles.

Talaan ng mga Nilalaman

ARALIN.....1

Ang Kahulugan ng mga Salitang “Islam” at “Muslim”...03
Islam: Ang Relihiyon ni Propeta Muhammad (ﷺ).....05
Ang Pangwakas na Mensahe.....07
Ang Pagkapandaigdigang ng Islam at Kawalang-hanggan Nito.....09

ARALIN.....3

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Sunnah

Ang Sunnah at ang Kinatatayuan Nito sa Islam.....31
Papaanong Napangalagaan ang Sunnah32
1. Ang Pagkaunawa ng mga Kasamahan (ni Propeta Muhammad ﷺ) sa Kanilang Mabibigat na Tungkulin.....33
2. Ang Pagtatala sa Hadīth.....33
3. Ang Kahalagahan at Kasaysayan ng Isnād (mga Kawing ng Salaysay).....35
4. Sinaunang Panunuri sa Hadīth at Pagkilatis sa mga Tagasalaysay.....36
5. Paglalakbay sa Layuning Maghanap ng Hadīth.....36
Ang Kahalagahan ng Pag-aaral ng Sunnah.....36

ARALIN.....2

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Qur’ān

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam at Patnubay.....12
Ano ba Talaga ang Qur’ān?.....14
Papaanong Dudulog sa Qur’ān.....15
Ang mga Pangunahing Panuntunan.....15
Papaanong Binuo ang Qur’ān?.....17
Istilo ng Qur’ān.....18
Mga Salin ng Qur’ān.....21
Mga Pagpapaliwanag ng Qur’ān.....23 (Tafsīr sa Wikang Arabe)
Papaano akong Dudulog sa Qur’ān?.....25

ARALIN.....4

Fiqh ng Islam

Fiqh ng Islam.....	40
Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam.....	42
Pagpapakahulugan sa Batas:	
Kalikasan ng mga Kahatulang Legal.....	44
Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng	
Tama at Mali sa Fiqh ng Islam.....	46
Ilan sa mga Layunin ng Islam.....	50
(A) Pagsamba kay Allah Lamang.....	50
(B) Pagpapalaya sa mga Tao sa Pagsamba sa Ibang	
mga Tao o Pagsamba sa Anumang Bagay.....	51
(C) Pagpapalago at Pagtutumpak	
sa Buhay sa Mundo.....	51
(D) Katarungan at Pagbabawal sa Kawalang	
Katarungan sa Iba.....	51
(E) Totoong Kapayapaan.....	52
Ang Matataas na Layunin ng Shari’ah.....	53
Pagpapakalabis sa Relihiyon.....	53
Ang Balanseng Pamamaraan.....	54
Ginhawa at Kawalan ng Hirap sa Batas.....	54
Kalupitan sa Tao.....	55

ARALIN.....5

Ang mga Saligan ng Relihiyon

Ang mga Saligan ng Relihiyon.....	58
Ang Limang (5) Saligan ng Islam.....	58
Ang Anim (6) na Saligan ng Pananampalataya.....	60

Pahulung Salit.....65

Paunang Salita

Lahat ng papuri ay ukol kay Allah. Pinupuri natin Siya at hinihingi natin ang Kanyang patnubay at tulong sa lahat ng ating kapakanan. Niluluwalhati natin

Siya—ang Dakila at ang Nakaaalam sa lahat, ang Tagapangalaga ng lahat—at hinihingi nating ang Kanyang kapatawaran sa ating mga pagkukulang at mga kamalian. O Panginoon namin, dagdagan Mo kami sa patnubay! O Kataas-taasang Panginoon namin, dagdagan Mo kami sa kaalaman sa Iyo! Amen.

Sa Islam, ang kaalaman ay kailangang mauna sa paggawa. Kaya naman ang paghahanap ng kaalaman ay isa sa mga pinakamataas na uri ng pagsamba. Ang ating pinakamamahal na Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi sa mga Kasamahan niya: “Ang paghahanap ng kaalaman ay tungkulin ng bawat Muslim.” Sinabi pa niya (ﷺ):

“Ang isang taong sumusunod sa landas ng pagtamo na kaalaman ay padadaliin ni Allah sa kanya ang landas patungong Paraiso.” Gayunman, papaano ang pagsaliksik ng kaalaman tungkol sa relihiyong Islam?

Una, paalalahanan natin ang ating mga sarili at ang ating mga kapatid sa Islam na dalisayin ang ating mga layunin upang masimulan natin ang paglalakbay na ito sa paghahanap ng kaalaman nang may isang sukdulang layunin sa isip at puso: ang paglingkuran si Allah, ang Pinakamakapangyarihan. Bawat landas tungo sa totoong kaalaman, ibig sabihin, ang kaalaman sa relihiyon na naghahatid sa paglago ng sarili, ay nagsisimula sa katapatan. Wala nang iba pang sandigan ang nakatutulong sa paglagong panrelihiyon o kaliwanagang espirituwal; sa pamamagitan lamang ng katapatan mararating natin ang layon nating mapalapit pang lalo kay Allah, ang Kataas-taasan, at maiangat ang ating antas sa Kanyang paningin.

Ikalawa, kailangang tuluy-tuloy tayong umasa kay Allah. Ang pagdalangin kay Allah, ang Kataas-taasan, ay hindi lamang isang kapuri-puring gawain, ito ay isa ring makapangyarihang kasangkapan sa pagtamo ng nilalayan. Si Allah ay makatutugon sa ating mga panalangin, makadaragdag sa ating pananamपालतया, at makapagpatnubay sa atin sa tuwid na landas. Kung walang patnubay Niya, walang sinuman ang mapatnubayan. Kung walang tulong Niya, walang sinuman ang matutulungan. Kaya sa pagsisimula mo sa iyong paglalakbay sa paghahanap ng kaalaman, hilingin mo kay Allah na tulungan ka, at dapat mong malaman na hindi Siya napapagod kailanman sa pakikinig sa mga sumasamba sa Kanya, at nasa Kanya ang awang walang takda.

Ikatlo, ang payo namin ay saliksikin ang mga kaalamang pang-Islam nang dahan-dahan at unti-unti. Ang paraang katamtaman at magkakasinghabang mga oras ng pag-aaral ay ang susi sa tagumpay sa pagiging maalam sa lahat ng aspeto ng Islam. Ang pagkaunawa ay namumutawi sa pagkakaroon ng panahon na magmuni-muni at magsabuhay, na isinasakatuparan nang matatag ang mga natutunan. Hindi kailangang magmadali, yayamang ang bawat Muslim ay kailangang patuloy na mag-aral at pagbutihin ang sarili araw-araw sa buong buhay niya.

Pangwakas, isang mabuting balita at maligayang bati! Matapos mong matuklasan at yakapin ang Islam, nagawa mo na ang una at pinakamahalagang hakbang sa pagpapakalapit kay Allah, ang Pinakamakapangyarihan. Sa ating makabagong panahon na ang paninira ng mass-media at iba pang propaganda laban sa Islam ay nanlalait sa relihiyon at nagkikintal ng mga maling akala sa isip ng mga tao, napaglabanan mo ang mga pakana nila at nahawi ang tabing sa katotohanan, sa awa ni Allah. Ang isang bagong Muslim—at sa katunayan, ang bawat Muslim—ay dapat mapagpasalamat na bumaling kay Allah, na nagkaloob sa kanya ng napakahalagang kaalaman at pagkaunawa sa kanyang relihiyon. Maligayang bati, bagong kapatid na Muslim! Dumadalangin tayo na patuloy na patnubayan ni Allah ang iyong mga hakbang at pagpalain ang iyong landas!

² Ang pahayag ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay itinala ng mga makasaysayang pantas na Muslim na sina At-Tabarānīy at Ibnu Mājah.

¹ Itinala ninna at-Tirmidhīy, Abū Dāwūd, an-Nasāīy at Ibnu Mājah.

ARALIN

1

Ang Relihiyong Islam

Mga Layunin

Sa katapusan ng pag-aaral na ito, nararapat na malaman ng mag-aaral

- Ang kahulugan at ang pagkapangwakas ng Islam;
- Ang misyon ni Propeta Muhammad (ﷺ) sa pagpaparating sa pangwakas na mensahe ng Islam;
- Ang pagkapandaigdigan ng Islam.

Mga Kaalinsabay na Kakailanganint

- Pangkalahatang Ideya ng Kurso (iminumungkahi)

Iminumungkahing Babasahin

- Studies in Islam ni Dr. Bilal Philips
- The True Religion of God ni Dr. Bilal Philips
- The Purpose of Creation ni Dr. Bilal Philips

Ang Relihiyong Islam

- Ang Kahulugan ng mga Salitang "Islam" at "Muslim"

- Islam: Ang Relihiyon ni Propeta Muhammad (pbuh)

- Ang Pangwakas na Mensahe

- Ang Pagkapandaigdigang ng Islam at Kawalang-hanggan Nito

Ang Kahulugan ng mga Salitang “Islam” at “Muslim”

Ang salitang Arabe na Islām ay ang pangngalang makadiwa (verbal noun) ng pandiwang aslama. Ang kahulugan ng pandiwang ito ay: “Sumuko siya o nagpasakop siya.” Kapag ginamit ito kaugnay sa Diyos, ito ay nangangahulugang: “Nagpasakop siya sa Diyos.” Sa madaling salita, ang Islam ay hindi lamang ang pangkabatirang pagkatanto o ang pangkaisipang pagkakilala sa Kaisahan ng Diyos o ang katotohanang ang Tagapaglikhang Pinakamakapangyarihan ay umiiral; bagkus, ginaganap ng Islam ang paniniwalang iyon. Ang Islam ay ang pagpapasyang may kamalayan na ginawa ng isang tao upang taus-pusong magpasakop sa Nag-iisa at Natatanging Diyos.

Ang relihiyong ibinaba ng Diyos at inihatid sa mundo ng Kanyang mga propeta ay tinatawag na “Islam” ayon sa payak na dahilan na, sa Islam, ang mananampalataya ay lubusang sumusuko sa kapangyarihan at kapamahalaan ng Panginoon at ginagawa nito ang pag-uukol ng taus-pusong pagtalima sa Kanya na siyang pangunahing simulain ng buhay ng tao. Ito ang kabuuan at ang katuturan ng paniniwalang pang-Islam na ipinangaral at isinabuhay ng mga propeta ng Diyos.

Ang pagpapakahulugan sa Islam ay umiikot sa pagbuo ng isang tuwirang kaugnayan sa Diyos nang walang namamagitang mga diyos, mga idolo, o mga santo. Ginagawa ito ng sangkatauhan sa pamamagitan ng pagsunod sa propeta ng Diyos, na ipinadala sa isang panahon at pamayanan.

Ang salitang Arabe na “Muslim” ay hinango sa salitang Islam at nangangahulugang “ang nagsasagawa ng Islam” o “ang nagpapasakop”. Kaya, ang sinumang nagpasakop nang wagas at taus-puso sa Diyos—alinsunod sa naipahayag mula sa Diyos at hindi lamang ayon sa mga kapritso, haka-haka o mga ginagawang panlipunang kalakaran—ay nagsasagawa ng “Islam” at sa katunayan ay maituturing na isang “Muslim”.

ARALIN 1

Ang Relihiyong Islam

- Ang Kahulugan ng mga Salitang

“Islam” at “Muslim”

- Islam: Ang Relihiyon ni Propeta

Muhammad (pbuh)

- Ang Pangwakas na Mensahe

- Ang Pagkapandaigdigang Islam at

Kawalang-hanggan Nito

Sa kahulugang ito, ang relihiyon ng lahat ng mga propeta ng Diyos ay Islam at silang lahat ay mga Muslim. Sina Noe, Abraham, Moises, at Jesus, halimbawa, ay lahat mga Muslim at ang kanilang relihiyon ay Islam, ang totoo at tapat na pagsuko sa lisang Diyos. Sinabi ni Allah sa Qur’ān kay Propeta Muhammad (ﷺ):

شَرَعَ لَكُمْ مِنَ الدِّينِ مَا وَصَّىٰ بِهِ نُوحًا وَالَّذِي أَوْحَيْنَا إِلَيْكَ وَمَا وَصَّيْنَا بِهِ إِبْرَاهِيمَ وَمُوسَىٰ وَعِيسَىٰ

“*Isinabatas Niya para sa inyo bilang bahagi ng Relihiyon ang anumang itinagubilin Niya kay Noe at ang isiniwalat Namin sa iyo at ang anumang itinagubilin Namin kay Abraham, kay Moises at kay Jesus,... (Qur’ān, 42:13)*

”

Ang kapatiran sa Islam at ang garantiya ng tunay na pananampalataya ay nagmula pa mula kay Adan hanggang sa katapusan ng panahon na sumasaklaw sa lahat ng lugar at tao. Lahat ng mga tunay na Propeta ay nanawagan sa parehong Diyos, na Nag-iisang Diyos. Lahat ng mananampalataya ay namuhunan sa paniniwala at kilos sa pagsasamba sa parehong Diyos. Ang mga mananampalataya ay nagmamahalan at nagtutulungan.

Ang mga Muslim sa lahat ng panahon ay naniniwala sa mga propeta na nauna sa kanila, at kinilala nila ang pagdating ng mga sugong nabanggit na darating kapag wala na sila. Kinakatigan nila ang lahat ng mga propeta at ipinagtatanggol ang kanilang karangalan. Ang mga Muslim ay sadyang gumalang, magparangal, at magmahal sa lahat ng mga propeta ni Allah, ang Pinakamataas, sa paraang karapat-dapat para sa kanila nang walang pagtatangi.

Islam: Ang Relihiyon ni Propeta Muhammad (ﷺ)

Bago dumating ang Propeta (ﷺ), masasabing mayroong maraming anyo ng “Islam.” Ibig sabihin, ang bawat panahon o pamayanan ay may kani-kaniyang propeta, sumunod sa kanyang mga katuruan at nasa landas ng Islam, ngunit ang takdang mga gawaing panrelihiyon ay medyo naiiba sa isa’t isa. Ang mga panuntunang moral at mga patakaran ng pamumuhay noong panahon ni Propeta Noe at kanyang mga tagasunod ay medyo naiiba kaysa sa mga propetang dumating bandang huli na gaya nina Propeta Moises. Mayroon silang naiibang mga kasaysayan, mga kasulatan, mga kautusan, at sa ilang punto sa mga istilo ng pagsamba. Gayon pa man, ang kanilang pangunahing panuntunan ng moralidad at paniniwalang espirituwal ay iisa pa rin.

Ang pagdating ng huling Propeta, si Propeta Muhammad (ﷺ), ay nagpahayag ng huling yugto ng kapahayagan ng Diyos at nag-isa sa dating pagkakahati-hati at di-pagkakaayun-ayon. Ang mensahe ni Propeta Muhammad sa sangkatauhan ay hindi nasasaklawan ng pook o panahon o kabansaan; bagkus, pinatotohanan nito ang diwa ng naunang mga anyo ng Islam ngunit ihinatid din nito ang pangwakas at panlahat na anyo ng kagawian.

Bilang resulta, sa mensahe ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay nakakikita tayo ng kapuwa pagpapatibay at pagpapawalang-bisa sa mga naunang mensahe. Karagdagan pa, samantalang ang ibang mga mensahe ay naglaho sa paglipas ng kasaysayan at sa pamamagitan ng walang-pakundangang panghuhuwad ng mga tiwaling tagasunod, ang pangwakas na mensahe ay hindi kailanman mababaluktot o malilimot. Nilubos ng Pinakamakapangyarihang Diyos ang Kanyang mensahe at ipinangako Niyang pangangalagaan ito sa lahat ng panahon.

ARALIN 1

Ang Relihiyong Islam

- Ang Kahulugan ng mga Salitang “Islam” at “Muslim”

- Islam: Ang Relihiyon ni Propeta Muhammad (pbuh)

- Ang Pangwakas na Mensahe

- Ang Pagkapandaigdigang Islam at Kawalang-hanggan Nito

ARALIN 1

Ang Relihiyong Islam

- Ang Kahulugan ng mga Salitang

"Islam" at "Muslim"

- Islam: Ang Relihiyon ni Propeta

Muhammad (pbuh)

- Ang Pangwakas na Mensahe

- Ang Pagkapandaigdigang ng Islam at

Kawalang-hanggan Nito

Ang sumusunod na talata ng Marangal na Qur'ān ay nagpapakita ng kahuli-hulihan at pandaigdigang misyon ni Propeta Muhammad (ﷺ) kung ihahambing sa mga misyon ng mga nau-nang propeta ng Pinakamakapangyarihang Diyos na nauna sa kanya. Sinabi ni Allah:

وَأَنْزَلْنَا إِلَيْكَ الْكِتَابَ بِالْحَقِّ مُصَدِّقًا لِمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ الْكِتَابِ وَمُهَيْمِنًا عَلَيْهِ . فَاحْكُم بَيْنَهُم بِمَا أَنْزَلَ اللَّهُ . وَلَا تَتَّبِعْ أَهْوَاءَهُمْ عَمَّا جَاءَكَ مِنَ الْحَقِّ

Ibinaba Namin sa iyo (O Muhammad) ang Aklat kalakip ang katotohanan bilang nagpapatotoo sa nauna rito na mga kasulatan at bilang tagasubaybay sa mga ito. Kaya humatol ka sa kanila ayon sa ibinaba ni Allah at huwag mong sundin ang mga hilig nila kapalit ng dumating sa iyo na katotohanan. (Qur'ān, 5:48)

Ang talatang ito ay nagpapakita na ang Qur'ān ay ipinahayag kalakip ang katotohanan, nagpapatotoo sa naunang naipahayag na mga kapahayagan, at tagahatol at saksi sa mga naunang kasulatan. Sa madaling salita, pinananatili, pinangangalagaan, at sinasaksihan nito ang katotohanang natatagpuan sa mga naunang kapahayagan.

Kasabay niyon, gayunman, ipinakikita nito ang kabulaanan sa mga pagbaluktot na ginawa sa mga naunang kapahayagan. Ang anumang kasang-ayon ng Qur'ān ay totoo, at anumang sumasalungat sa Qur'ān ay napawalang-bisa o panghuhuwad ang pinanggalingan sa halip na kapahayangang mula sa Diyos.

Kaya naman, ang Qur'ān ay ipinahayag para patotohanan ang napanatili sa mga naunang kapahayagan samantalang iwinawasto ang anumang mga pagbabaluktot.

Ang Pangwakas na Mensahe

Nagpadala si Allah ng maraming propeta sa nakalipas na mga libong taon. Gayon pa man, ipinagpasya Niya na dapat Siyang magpadala ng isang pangwakas na sugo na may isang pangwakas na mensahe.

Ang pangwakas na sugo ay ang sugo para sa buong sangkatauhan magmula sa kanyang panahon hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Wala nang darating pang kapahayagan at wala ng propeta pagkatapos niya na magdadala ng mga pagbabago sa kapahayaganang ito. Kaya naman, ito ay kailangang naiiba sa mga nauna sa ilang paraan. Una, dahil wala nang sinumang darating sa dakong huli para itama ang anumang mga kamalian o mga pagbabaluktot, ang kapahayaganang natanggap ng Propeta ay kailangang mapangalagaan sa likas na kadalisan nito.

Ikalawa, ang kalikasan ng “tanda” ng huling propeta ay kinakailangang naiiba rin. Ito ay dahil sa ang tandang ito ay kailangang makaapekto hindi lamang sa mga taong nabubuhay noong panahon ng Propeta bagkus pati na sa mga taong darating bandang huli.

Ikatlo, itong panghuling propeta ay hindi maaaring ipadala lamang sa iisang komunidad ng mga tao—ang bawat isang komunidad sa panahong iyon ay may kanya-kanyang panghuling propeta at pagkatapos nagkakaiba-iba sa isa’t isa. Itong panghuling propeta ay kailangang ipadala sa buong sangkatauhan, na winawakasan ang sunud-sunod na pagdating ng mga propeta at naaangkop para sa mundo sa kabuuan.

Ikaapat, ang mga batas at ang mga katuruan ng mensaheng ito ay kailangang naitakda na kaugnay sa mga bagay-bagay na kailangang maitakda para sa buong sangkatauhan hanggang sa Araw ng Paghuhukom at nagpapatnubay ngunit madaling ibagay o sumabay sa mga bagay-bagay na kinakailangang bukas sa pagbabago bunsod ng nagbabagong mga kalagayan ng sangkatauhan.

ARALIN 1

Ang Relihiyong Islam

- Ang Kahulugan ng mga Salitang

“Islam” at “Muslim”

- Islam: Ang Relihiyon ni Propeta

Muhammad (pbuh)

- Ang Pangwakas na Mensahe

- Ang Pagkapandaigdigang Islam at

Kawalang-hanggan Nito

ARALIN 1

Ang Relihiyong Islam

- Ang Kahulugan ng mga Salitang

“Islam” at “Muslim”

- Islam: Ang Relihiyon ni Propeta

Muhammad (pbuh)

- Ang Pangwakas na Mensahe

- Ang Pagkapandaigdigang ng Islam at

Kawalang-hanggan Nito

Sa lahat ng mga puntong ito, makikitang ang mensahe ni Propeta Muhammad (ﷺ) ang umaangkop sa lahat ng mga pamantayang ito. Ang Qur’ān at ang Sunnah ay mabusising napangalagaan. Gayon din, ang kalikasan ng kanyang “tanda,” ang Qur’ān, ang pangwakas na himala, ay mararanasan pa rin sa ngayon.

Ang bawat propeta ay nagpahayag ng pagdating ng isang propeta, maliban kay Propeta Muhammad (ﷺ) na nagpahayag na siya ang panghuli at ang pangwakas na sugo ng Diyos. Ang mga tagasunod ng mga naunang propeta ay dapat makakilala sa katotohanan ng mensahe ni Propeta Muhammad (ﷺ), dahil sinasalamin nito ang pinakadiwa ng mga katuruan ng kanilang sariling propeta at ipinakikita niya ang lahat ng mga tanda na ipinahayag ng kanilang propeta. Gayon pa man, ang mga tao ay madalas na nananatili sa naunang mga kinaaaniban, na tina-tanggihan nang wala sa katwiran ang utos na tanggapin ang darating na propeta. Sa Qur’ān, inilarawan ni Allah ang gayong pangyayari. Sinabi Niya:

وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ آمِنُوا بِمَا أَنْزَلَ اللَّهُ قَالُوا نُوْمِنُ بِمَا أَنْزَلَ عَلَيْنَا وَيَكْفُرُونَ بِمَا وَرَاءَهُ وَهُوَ الْحَقُّ مُصَدِّقًا لِمَا مَعَهُمْ قُلْ فَلِمَ تَقْتُلُونَ أَنْبِيَاءَ اللَّهِ مِنْ قَبْلُ إِنْ كُنْتُمْ مُؤْمِنِينَ

“Nang sinabi sa kanila: “Sumampalataya kayo sa ibinaba ni Allah,” sinasabi nila: “Sumasampalataya kami sa ibinaba sa amin,” at tumatanggi silang sumampalataya sa iba pa roon bagamat ang Qur’ān na ito ay ang totoo, na nagpapatotoo sa taglay nila. Sabihin mo: “Bakit ninyo pinapatay ang mga propeta ni Allah noon kung kayo ay mga mananampalatayâ?” (Qur’ān, 2:91)

Bagamat nagkamali sila sa pagtanggap kay Propeta Muhammad (ﷺ) naatasan lamang siya na ihatid ang mensahe at hindi pilitin ang mga tagapakinig na maniwala o sumunod sa kanya. Kaya naman ang mga tao ay malayang pumili ng relihiyon nila. Pinangalagaan ng Islam ang kanilang kalayaan laban sa pamimilit, gaya ng ipinahayag ni Allah sa Qur’ān:

لَا إِكْرَاهَ فِي الدِّينِ . قَدْ تَبَيَّنَ الرُّشْدُ مِنَ الْغَيِّ . فَمَنْ يَكْفُرْ بِالطَّاغُوتِ وَيُؤْمِنِ بِاللَّهِ فَقَدِ اسْتَمْسَكَ
بِالْعُرْوَةِ الْوُثْقَى لَا انْفِصَامَ لَهَا . وَاللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ

ARALIN 1

Ang Relihiyong Islam

- Ang Kahulugan ng mga Salitang "Islam" at "Muslim"
- Islam: Ang Relihiyon ni Propeta Muhammad (pbuh)
- Ang Pangwakas na Mensahe
- Ang Pagkapandaigdigang ng Islam at Kawalang-hanggan Nito

Walang pamimilit sa relihiyon. Ang matuwid na landas ay naging malinaw mula sa kamalian. Kaya ang sinumang tumangging sumampalataya sa nagdidiyus-diyusan at sumampalataya kay Allah ay nakakapit nga sa hawakang walang pagkalamat. Si Allah ay Nakaririnig, Nakaaalam. (Qur'ān, 2:256)

Ang Pagkapandaigdigang ng Islam at Kawalang-hanggan Nito

Si Propeta Muhammad (ﷺ) ay ang panghuling sugo at hindi lubos maisip, dahil nababatid ang Awa ng Maawaing (Allah), na hahayaan Niya ang mga tao nang walang anumang anyo ng malinaw na patnubay. Sa madaling salita, ang ibinigay Niya na panghuling mensahe ay kailangang naaangkop na pumatnubay sa sangkatauhan kapag wala na ang Propeta. Sa katunayan, tinukoy ng Propeta mismo ang katulad na puntong ito mismo nang sinabi niya:

“Nag-iwan ako sa inyo ng dalawang bagay na kung kakapit kayo sa mga ito ay hindi kayo maliligaw kapag wala na ako: ang Aklat ni Allah at ang Sunnah ng Kanyang Sugo.” (Mustadrak al-Hākim)

Karagdagan pa sa katotohanang si Propeta Muhammad (ﷺ) ay ang panghuling Propeta, sinabi rin ni Allah:

الْيَوْمَ أَكْمَلْتُ لَكُمْ دِينَكُمْ وَأَمَّمْتُ عَلَيْكُمْ نِعْمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ الْإِسْلَامَ دِينًا

Sa araw na ito nilubos Ko para sa inyo ang Relihiyon ninyo, binuo Ko sa inyo ang pagpapala Ko, at kinalugdan Ko para sa inyo ang Islam bilang relihiyon. (Qur'ān, 5:3)

ARALIN 1

Ang Relihiyong Islam

- Ang Kahulugan ng mga Salitang

"Islam" at "Muslim"

- Islam: Ang Relihiyon ni Propeta Muhammad (pbuh)

- Ang Pangwakas na Mensahe

- Ang Pagkapandaigdigang ng Islam at Kawalang-hanggan Nito

Sinabi rin ng Propeta (ﷺ):

“Binigyan ako ng limang katangian na hindi ibinigay sa sinumang propeta na nauna sa akin...bawat propeta ay ipinadala lamang sa kanyang mga kababayan samantalang ako ay ipinadala sa buong sangkatauhan.” (al-Bukhārīy)

Kaya naman, ang relihiyong Islam ay kumpleto at ganap, at wala nang pangangailangan sa anumang pagpapalit o pagbabago. Ang mensahe ay dumating na at sasapat na hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Ang Propeta (ﷺ) na ipinadala sa lahat ng mga tao ay dumating na.

Ito ay nangangahulugan na ang katuruan ng Propeta at ang kanyang Sunnah (ibig sabihin: mga katuruan) ay tanggap at tungkuling tuparin ng buong sangkatauhan. Ibig sabihin, ang kanyang halimbawa at katuruan ay hindi lamang para sa mga tao ng Arabya noong panahon niya. Sa halip, ito ay kapuwa tanggap at mahalaga para sa bawat Muslim sa ngayon, sa Amerika man, o Malaysia, Tsina, o sa anumang lugar.

Maaaring may isang magtanong nang makatwiran: Papanong ang Batas na ito ay may kakayahang tumugon sa mga pangangailangan ng buong sangkatauhan hanggang sa Araw ng Paghuhukom? Ang sagot ay may kinalaman sa kagandahan ng Batas. Kapag pinag-aralan ang batas na ipinahayag ni Propeta Muhammad (ﷺ), makikitang tinataglay nito ang kinakailangang mga sangkap ng pagkamadaling-ibagay na nagpapahintulot dito na maging madaling magamit sa ngayon gaya noong panahon ng Propeta.

Una, sa katotohanan, ang kalikasan ng mga tao ay hindi naman talaga nagbabago sa paglipas ng panahon. Samakatuwid, ang pagsamba, na siyang batayan ng pagkatao ng tao, ay hindi kailangang magbago. Ang mga batas na ito ay naitakda na hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

ARALIN 1

Ang Relihiyong Islam

- Ang Kahulugan ng mga Salitang

"Islam" at "Muslim"

- Islam: Ang Relihiyon ni Propeta

Muhammad (pbuh)

- Ang Pangwakas na Mensahe

- Ang Pagkapandaigdigang Islam at

Kawalang-hanggan Nito

Ikalawa, may mga nakapipinsalang bagay-bagay na kailangang iwasan ng mga tao. Ang mga ito ay malinaw at palagian nang ipinagbawal. Higit pa ryan, ang mga tao ay nangangailangan lamang ng ilang detalyadong mga batas at maraming pangkalahatang simulain na magpapahintulot sa kanila na patnubayan ang kanilang mga buhay sa lahat ng mga panahon at mga pook. Ito mismo ang ipinagkakaloob sa kanila ng Batas ng Islam.

Sa pinakadiwa, ang mga usaping iyon na kailangang maitakda at pamalagiin ay ginawang gayon nga ng Batas ng Islam. Ang mga kinakailangan na maging madaling ibagay sa pangangailangan upang maipatupad sa magkakaibang paraan ng iba-ibang mga tao sa iba-ibang mga panahon ay hinayaan sa Batas ng Islam na madaling ibagay. Samakatuwid, ito ay isang pinatnubayan ng Diyos na pamamaraan ng pamumuhay na naaangkop at naisasagawa ng lahat ng mga tao hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Halimbawa, sa usaping pampananalapi, ang patubo ay ipinagbawal magpakailanman.

Karagdagan pa ryan, ang pangkalahatang mga panuntunan ay ibinigay. Gayon pa man, ang patnubay ay sa paraang kapag nakabuo ng mga bagong paraan ng kalakalan, gaya ng sa makabagong mga panahon, matutukoy kung alin ang katanggap-tanggap alinsunod sa panuntunan ng Islam at kung ano ang hindi. Kaya naman ang Batas ng Islam ay napatunayang maisasagawa sa nakalipas na mahigit sa 1,400 taon, at ayon sa mga pinaniniwalaan sa Islam, magpapatuloy itong maisasagawa hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

Ito ay nangangahulugang ang patnubay ay kumpleto. Ito lamang ang lahat ng kakailanganin ng mga Muslim para maging maligaya sa mundong ito at sa Kabilang-buhay. Hindi na ito mababago. Ito, samakatuwid, ay walang pangangailangan sa mga pagdaragdag, mga pagpapalit, at mga pag-aalis. Dahil sa maliwanag na dahilang ito, nagbigay ng mga mariing babala ang Propeta (ﷺ) laban sa mga bagong kapaniwalaan at mga salungat na paniniwala.

Ang gayong mga bagay ay hindi kinakailangan kailanman at makababawas lamang ang mga ito sa kagandahan at kalubusan ng Islam.

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Ang sinumang magpasok sa nauukol sa atin ng hindi naman bahagi nito, ito ay tatanggihan." (al-Bukhārīy)

ARALIN 1

Ang Relihiyong Islam

- Ang Kahulugan ng mga Salitang

"Islam" at "Muslim"

- Islam: Ang Relihiyon ni Propeta

Muhammad (pbuh)

- Ang Pangwakas na Mensahe

- Ang Pagkapandaigdigang Islam at

Kawalang-hanggan Nito

ARALIN

2

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Qur'ān

Mga Layunin

Sa katapusan ng pag-aaral na ito, nararapat na malaman ng mag-aaral:

- Ang awtoridad ng Qur'ān;
 - Ang paraan ng pagdulog sa Qur'ān;
 - Ang mga pamamaraan ng pagpapakahulugan sa Qur'ān.
-

Mga Kaalinsabay na Kakailanganin

- Mga Araling Mapapanood sa Video
-

Iminumungkahing Babasahin

- An Introduction to the Sciences of the Qur'aan ni Yasir Qadhi
- The Methodology of Qur'aanic Explanation ni Dr. Bilal Philips
- The History of the Qur'ānic Text ni M.M. Al-Azami
- How to Approach and Understand the Quran ni Jamaal Zarabozo

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam at Patnubay

Ang dalawang tiyakang batayan sa Islam ay ang Qur'ān at ang Sunnah—o mga katuruan—ni Propeta Muhammad (ﷺ). Ang Batas ng Islam ay nakabatay sa kapahayagan mula sa Diyos, ang Qur'ān. Nauunawaan natin kung papaanong ipatupad ang mga saligan na hayagang inilatag sa Qur'ān sa isang bahagi sa pamamagitan ng paghahalimbawa at mga paliwanag na ibinigay ni Propeta Muhammad (ﷺ).

Sa kabanatang ito, tatalakayin natin ang Qur'ān bilang isang pinaghahanguan ng Batas ng Islam. Bagamat ang katawagang “Batas ng Islam” ay maaaring maglarawan sa isip ng isang husgado o kodigo penal, hindi iyan ang tinutukoy rito ng katawagang Batas ng Islam. Sa katawagang “Batas ng Islam,” ang pinapakahulugan natin ay ang panuntunan na namamahala sa ating buhay panrelihiyon, panlabas at panloob, pampribado at pampubliko, personal at panlipunan. Napabibilang sa Batas ng Islam ang ating kamalayang pangmoralidad, mga gawain sa pagsamba, at mga panuntunan ng pamamaraan ng pamumuhay at mga paniniwala.

Ano ba Talaga ang Qur'ān?

Ang Qur'ān ay ang literal na salita ni Allah. Ito ay aklat na tuwirang dumating sa Propeta (ﷺ) mula kay Allah na inihatid ni Anghel Gabriel. Matapat na inihatid ni Propeta Muhammad (ﷺ) ang pananalita ng Diyos at hindi ito nagbago mula nang panahon niya hangang sa panahon natin. Pinatnubayan nito ang sinaunang komunidad ng mga Muslim. Binago nito ang mga Arabe na nasa labas ng sibilisadong mundo nang panahong iyon para maging mga pinuno ng isang dakilang sibilisasyon, na ang impluwensiya ay nagpapatuloy sa ngayon. Kapag binasa ito, inunawa at ipinatupad nang maayos sa ngayon, babaguhin din nito ang mga individuwal o ang lipunan at iaangat sila sa mga bagong kataasan ng pagkamatuwid at pagkamalapit sa Diyos.

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Qur'ān
 - *Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam at Patnubay*
 - *Ano ba Talaga ang Qur'ān?*
 - *Papaanong Dudulog sa Qur'ān*
 - *Ang mga Pangunahing Panuntunan*
 - *Papaanong Binuo ang Qur'ān?*
 - *Istilo ng Qur'ān*
 - *Mga Salin ng Qur'ān*
 - *Mga Pagpapaliwanag ng Qur'ān (Tafsir sa Wikang Arabe)*
 - *Papaano akong Dudulog sa Qur'ān?*

ARALIN 2

Pagka tanggap ng mga salita ng Qur'ān, ipinapasa ng Propeta (ﷺ) ang mga salitang ito sa kanyang mga tagasunod, na ang marami sa kanila ay naisaulo ito sa bahagi o sa kabuuan. Karagdagan pa, dala ng pagiging hindi nakababasa at nakasusulat ng Propeta mismo, ipinatatala niya sa mga tagasulat ang mga bagong pahayag na tala-ta. Nagsabi si Propeta Muhammad (ﷺ) tungkol sa Qur'ān:

“Walang propeta sa mga propeta na hindi binigyan ng mga himala na sumampalataya ang mga tao dahil sa mga ito. Ngunit ang ibinigay sa akin ay ang pagsisiwalat na isiniwalat sa akin ni Allah. Kaya minimithi ko na ang mga tagasunod ko ay higit na marami kaysa sa [mga tagasunod] ng ibang propeta sa Araw ng Pagkabuhay.” (al-Bukhārīy)

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Qur'ān

- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam at Patnubay

- Ano ba Talaga ang Qur'ān?

- Papaanong Dudulog sa Qur'ān

- Ang mga Pangunahing Panuntunan

- Papaanong Binuo ang Qur'ān?

- Istilo ng Qur'ān

- Mga Salin ng Qur'ān

- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'ān (Tafsīr sa Wikang Arabe)

- Papaano akong Dudulog sa Qur'ān?

Sa madaling salita, ang dakilang tanda at himala ng Propeta ay ang Qur'ān.

Tunay na ang Qur'ān ay mahimala sa maraming paraan. Halimbawa, ang mga Arabe noong panahon ng Propeta ay napakahusay sa wika. Bagamat kahit lubha nilang sinasalungat ang Propeta sa maraming taon, napagtanto nila na hindi nila kayang tapatan ang kahusayang pampanitikan ng Qur'ān. Ngunit ang Qur'ān ay higit kaysa sa isang “himalang pampanitikan” lamang. Ito ay mahimala rin kaugnay sa mga natupad na propesiya nito ng mga pangyayaring panghinaharap, panloob na pagkakaayun-ayon nito, katumpakang pang-agham nito, katumpakang pangkasaysayan nito, wastong pangangalaga nito, mapagbigay-loob at matatalinong batas nito, epektong tinaglay nito at tinataglay pa rin nito sa pagpapabago sa mga tao, at higit pang marami.

Papaanong Dudulog sa Qur'ān

Ang mga Pangunahing Panuntunan

Ang unang kailangang maunawaan ng isang nagsisimulang mag-aaral tungkol sa Qur'ān ay ang anyo nito. Ang salitang Arabe na “Qur'ān” ay literal na nangangahulugang kapuwa ‘pagbigkas’ at ‘pagbasa’.

ARALIN 2

*Ang mga Pinaghahanguan
ng Batas ng Islam, ang Qur'an*

*- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas
ng Islam at Patnubay*

- Ano ba Talaga ang

Qur'an?

*- Papaanong Dudulog sa
Qur'an*

*- Ang mga Pangunahing
Panuntunan*

*- Papaanong Binuo ang
Qur'an?*

- Istilo ng Qur'an

- Mga Salin ng Qur'an

*- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'an
(Tafsir sa Wikang Arabe)*

*- Papaano akong Dudulog
sa Qur'an?*

Sa katulad na paraan, ang Qur'an ay kapuwa binibigkas at isinusulat sa anyong aklat. Ang totoong kapangyarihan ng Qur'an ay nananatiling nasa pagbigkas, dahil sadya itong binabasa nang malakas at mahimig, ngunit ang mga talata nito ay isinusulat sa anumang magagamit na materyales bilang tulong sa pagsasaulo at pangangalaga nito, at ang mga ito ay tinipon at isinaayos sa anyong aklat para sa gamit pampribado, at bandang huli, pang-institusyon. Ang Qur'an ay hindi naglalayon na magsalaysay ng isang kuwentong ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari. Kaya naman ang Qur'an ay hindi dapat tingnan bilang isang nagkakasunud-sunod na salaysay gaya ng aklat ng Genesis ng Bibliya.

Ang Qur'an ay madalas na umuulit ng ilang talata at mga tema, na nagpapalipat-lipat ng mga paksa sa pagitan ng mga ito, at kadalasang nagsasalaysay ng mga salaysay sa binuod na anyo. Makakikita tayo ng dalawang dahilan para rito. Una, may ginagampanan itong isang layuning pangwika at isa sa makapangyarihang panretorikang mga pamamaraan ng Arabeng Klasikal. Ikalawa, ang lahat ng mga tema ng Qur'an, maging gaano man kamagkakaiba-iba, ay nakabigkis sa iisang temang panlahat na tinatalakay sa buong aklat: walang totoong Diyos kundi si Allah, at si Muhammad ay Kanyang Sugo.

Ang Qur'an, hindi gaya ng Bibliya, ay walang kinalaman sa mga talaan ng kaangkanan, mga pangyayaring batay sa pagkakasunud-sunod ng panahon, kaliit-litang mga detalyeng pangkasaysayan, na ang karamihan sa mga ito ay hindi nga naaangkop sa isang pasalitang pagpapahayag. Ang layunin ay gamitin ang mga pangyayari mula sa nakalipas at kasalukuyan upang ilahad ang isang pangunahing mensahe. Kaya kapag tinatalakay ng Qur'an ang nakagagamot na mga katangian ng pulot-pukyutan o ang buhay ni Jesus, wala sa dalawang nasabing paksa ang siyang layon mismo, bagkus ang bawat isa ay nauugnay sa isang kaparaanan o sa iba pa sa pangunahing mensahe – ang Kaisahan ng Diyos at ang pagkaiisa ng mensaheng pampropeta.

ARALIN 2

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Qur'an

- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam at Patnubay

- Ano ba Talaga ang

Qur'an?

- Papaanong Dudulog sa Qur'an

- Ang mga Pangunahing Panuntunan

- Papaanong Binuo ang Qur'an?

- Istilo ng Qur'an

- Mga Salin ng Qur'an

- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'an (Tafsir sa Wikang Arabe)

- Papaano akong Dudulog sa Qur'an?

Ang isa pang mahalagang puntong pakaalalahanin ay na ang Qur'an ay hindi kaagarang naipahayag nang buo sa isang pagkakataon, bagkus ipinahayag ito nang baha-bahagi sa kahabaan ng dalawampu't tatlong (23) taon. Ang maraming talata ay bilang tugon sa mga partikular na pangyayari. Kadalasan, ang kapahayagan ng Qur'an ay dumarating kay Propeta Muhammad (ﷺ) hatid ni Anghel Gabriel bilang tugon sa mga katanungang inilahad ng mga tao. Kinakausap ng Qur'an ang mga tumatangging sumampalataya, ang mga Taong may Kasulatan (isang katawagang ginagamit ng Qur'an para sa mga Hudyo at mga Kristiyano), ang sangkatauhan sa kabuuan, ang mga mananampalataya, at ang Propeta mismo – na nag-uutos sa kanya kung ano ang gagawin sa isang kalagayan o nagpapanatag sa kalooban sa harap ng pangungutya at pagtanggì. Ang pagkakaalam sa kontekstong pangkasaysayan at panlipunan ng pagpapahayag ay naglilinaw sa mga kahulugang nilalaman ng teksto mismo.

Papaanong Binuo ang Qur'an?

Ang Qur'an ay binubuo ng 114 bahagi o kabanata na hindi magkakasinghaba. Ang bawat kabanata ay tinatawag na surah sa wikang Arabe at ang bawat pangungusap o talata ng Qur'an ay tinatawag na āyah, na ang literal na kahulugan ay “tanda.” Gaya ng Bibliya, ang Qur'an ay nahahati sa magkakahiwalay na mga yunit, na tinatawag na “talata” sa Filipino. Ang mga talatang ito ay hindi magkakasinghaba at kung saan nagsisimula at nagtatapos ay hindi pinagpasyahan ng mga tao, bagkus ay itinalaga ng Diyos. Ang bawat talata ay isang hiwalay na pananalita na may takdang diwa, o “tanda,” na tinataguriang āyah sa wikang Arabe. Ang lahat ng mga surah, maliban sa isa, ay nagsisimula sa Bismillāhi -rRahmāni -rRahīm, “Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain.” Ang bawat surah ay may pangalan na kadalasang kinuha mula sa isang katangi-tanging salita na nabanggit sa nasa-bing surah. Halimbawa, ang pinakamahabang surah, ang Surah al-Baqarah, o “Ang Baka”, ay pinangalanan mula sa salaysay tungkol kay Moises na nag-utos sa mga Hudyo na mag-alay ng isang baka.

Istilo ng Qur'ān

Sa usapin ng istilo ng tema, ang Qur'ān ay sumasaklaw sa malawak na uri ng mga paksa. Higit na mahalaga, nagsasalita ito ng tungkol sa Kaisahan ni Allah at kung papaanong mamuhay ng buhay na ikinalulugod Niya. Ang iba pang mga paksa ay sumasaklaw sa mga katuruang panrelihiyon, paglikha, batas kriminal at sibil, paghahambing ng relihiyon, mga pinahahalagahang panlipunan, moralidad, kasaysayan, mga salaysay tungkol sa mga nagdaang propeta, at agham. Ang ilan sa mga natatanging katangian ng istilo ng Qur'ān sa pagtatalakay ng mga temang ito ay ang sumusunod:

(1) Ang paggamit ng mga paghahalimbawa upang pukawin ang pansin ng mambabasa at magpaliwanag ng malalalim na katotohanan.

(2) Ang mahigit sa dalawang daang talata ay nagsisimula sa salitang Arabe na Qul, "Sabihin mo," na kumakausap sa Propeta na sabihin ang nabanggit kasunod nitong Qul bilang sagot sa isang katanungan, upang magpaliwanag ng isang bagay tungkol sa pananampalataya, o magpahayag ng isang kahatulang legal. Halimbawa:

قُلْ يَا أَهْلَ الْكِتَابِ هَلْ تَنْقِمُونَ مِنَّا إِلَّا أَنْ آمَنَّا بِاللَّهِ وَمَا أُنزِلَ إِلَيْنَا وَمَا أُنزِلَ مِن قَبْلُ وَأَنَّ أَكْثَرَكُمْ فَاسِقُونَ

O mga May Aklat, wala kayong itinutuligsa sa amin kundi na sumampalataya kami kay Allah, sa ibinaba sa amin, at sa ibinaba noon, at na ang higit na marami sa inyo ay mga nagpapakasuwail. (Qur'ān, 5:59)

(3) Sa ilang bahagi ng Qur'ān, si Allah ay nanunumpa sa Kanyang kahanga-hangang nilikha, kapuwa upang palakasin ang isang argumento o pawiin ang mga duda sa isip ng tagapakinig:

ARALIN 2

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Qur'ān

- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam at Patnubay

- Ano ba Talaga ang

Qur'ān?

- Papaanong Dudulog sa Qur'ān

- Ang mga Pangunahing Panuntunan

- Papaanong Binuo ang Qur'ān?

- Istilo ng Qur'ān

- Mga Salin ng Qur'ān

- Mga Pagpaliwanag ng Qur'ān (Tafsīr sa Wikang Arabe)

- Papaano akong Dudulog sa Qur'ān?

وَالشَّمْسِ وَضُحَاهَا وَالْقَمَرِ إِذَا تَلَاهَا وَالنَّهَارِ إِذَا جَلَّاهَا وَاللَّيْلِ إِذَا يَغْشَاهَا وَالسَّمَاءِ وَمَا بَنَاهَا وَالْأَرْضِ
وَمَا طَحَّاهَا وَنَفْسٍ وَمَا سَوَّاهَا

ARALIN 2

Ang mga Pinaghahanguan
ng Batas ng Islam, ang Qur'an

- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam at Patnubay
- Ano ba Talaga ang Qur'an?
- Papaanong Dudulog sa Qur'an
- Ang mga Pangunahing Panuntunan
- Papaanong Binuo ang Qur'an?
- Istito ng Qur'an
- Mga Salin ng Qur'an
- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'an (Tafsir sa Wikang Arabe)
- Papaano akong Dudulog sa Qur'an?

Sumpa man sa araw at sa pang-umagang liwanag nito, sumpa man sa buwan kapag sinundan nito iyon, sumpa man sa maghapon kapag inilantad nito ang lupa, sumpa man sa magdamag kapag tinatakpan nito ang lupa, sumpa man sa langit at sa paggawa Niya nito, sumpa man sa lupa at sa pagkalatag nito, sumpa man sa kaluluwa at sa pagkabuo nito. (Qur'an, 91:1-7)

Minsan, nanunumpa si Allah sa sarili Niya mismo:

فَلَا وَرَبِّكَ لَا يُؤْمِنُونَ حَتَّىٰ يُحَكِّمُوكَ فِيمَا شَجَرَ بَيْنَهُمْ ثُمَّ لَا يَجِدُوا فِي أَنفُسِهِمْ حَرَجًا مِّمَّا قَضَيْتَ
وَيُسَلِّمُوا تَسْلِيمًا

Kaya hindi, sumpa man sa Panginoon mo, hindi sila sumasampalataya malibang pinahahatol ka nila sa anumang naganap na bangayan sa pagitan nila. Pagkatapos ay hindi sila nakatatagpo sa mga sarili nila ng isang pagtutol sa anumang inihusga mo at nagpapasakop sila nang tunay na pagpapasakop. (Qur'an, 4:65)

(4) Panghuli, ang Qur'an ay mayroong tinatawag na "mga titik na magkakahiwalay" na binubuo ng mga titik mula sa alpabetong Arabe, na kung babasahin ay walang nilalamang kahulugan sa bokabularyong Arabe. Ito ay isa sa mga paraan ng paghamon ni Allah sa mga Arabe, na mga napakahusay na mga tao sa pananalita, na maglahad ng isang tulad ng Qur'an, na binubuo ng mga tulad ng magkakahiwalay na mga titik. Lumilitaw ang mga ito sa simula ng 29 surah. Halimbawa, ang unang ayah ng Surah al-Baqarah ay lumitaw sa magkakaibang salin bilang:

Yusuf Ali: A.L.M.

Pickthall: Alif. Lam. Mim.

Muhsin Khan: Alif-Lam-Mim.

Ang lubhang nakararami sa mga nilalaman ng Qur'an ay malinaw ang kahulugan. Sinasabi ni Allah:

ARALIN 2

هُوَ الَّذِي أَنْزَلَ عَلَيْكَ الْكِتَابَ مِنْهُ آيَاتٌ مُحْكَمَاتٌ هُنَّ أُمُّ الْكِتَابِ وَأُخَرُ مُتَشَابِهَاتٌ فَأَمَّا الَّذِينَ فِي قُلُوبِهِمْ زَيْغٌ فَيَتَّبِعُونَ مَا تَشَابَهَ مِنْهُ ابْتِغَاءَ الْفِتْنَةِ وَابْتِغَاءَ تَأْوِيلِهِ وَمَا يَعْلَمُ تَأْوِيلَهُ إِلَّا اللَّهُ وَالرَّاسِخُونَ فِي الْعِلْمِ يَقُولُونَ آمَنَّا بِهِ كُلٌّ مِنْ عِنْدِ رَبِّنَا وَمَا يَذَّكَّرُ إِلَّا أُولُو الْأَلْبَابِ

Siya ang nagbaba sa iyo ng Aklat, na may bahagi ito na mga talatang tahasang naipakahuhulugan – ang mga iyon ay ang batayan ng Aklat – at ibang mga pinatatalinghaga. Tungkol sa mga may kalisyaan sa mga puso nila, sinusunod nila ang pinatalinghaga mula rito sa paghahangad ng kaguluhan at paghahangad ng pansariling pakahulugan nito. Ngunit walang nakaaalam sa pakahulugan nito kundi si Allah, at ang mga nag-uugat sa kaalaman ay nagsasabi: “Sumasampalataya kami rito; lahat ay mula sa ganang Panginoon namin,” at walang napaaalalahanan kundi ang mga may pag-iisip. (Qur'an, 3:7)

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Qur'an

- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam at Patnubay
- Ano ba Talaga ang Qur'an?
- Papaanong Dudulog sa Qur'an
- Ang mga Pangunahing Panuntunan
- Papaanong Binuo ang Qur'an?
- Istilo ng Qur'an
- Mga Salin ng Qur'an
- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'an (Tafsir sa Wikang Arabe)
- Papaano akong Dudulog sa Qur'an?

Malinaw, ang talatang ito ay sinundan ng isang magandang panalangin na nagsasabi:

رَبَّنَا لَا تُزِغْ قُلُوبَنَا بَعْدَ إِذْ هَدَيْتَنَا وَهَبْ لَنَا مِنْ لَدُنْكَ رَحْمَةً إِنَّكَ أَنْتَ الْوَهَّابُ

O Panginoon namin, huwag Mong ilihis ang mga puso namin matapos noong napatnubayan Mo kami at pagkalooban Mo kami ng awa mula sa Iyo; tunay na Ikaw ay ang Mapagka-loob. (Qur'an, 3:8)

Hinihiling natin kay Allah na gawin tayong kabilang sa mga tinatawag Niya na “mga may pag-unawa.”

Tungkol naman sa mga istilong pambalarila, sa Qur'an si Allah ay nakikipag-usap nang tuwiran sa sangkatauhan, tuwiran kay Propeta Muhammad (ﷺ), at tuwiran sa partikular na mga pangkat ng sangkatauhan.

ARALIN 2

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Qur'an

- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam at Patnubay

- Ano ba Talaga ang

Qur'an?

- Papaanong Dudulog sa Qur'an

- Ang mga Pangunahing Panuntunan

- Papaanong Binuo ang Qur'an?

- Istilo ng Qur'an

- Mga Salin ng Qur'an

- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'an (Tafsir sa Wikang Arabe)

- Papaano akong Dudulog sa Qur'an?

Tinutukoy Niya ang Kanyang sarili sa panghalip sa unang “panauhan” minsan at minsan naman ay sa panghalip sa ikatlong panauhan. Ginagamit Niya minsan ang panghalip na pang-unang “panauhan” na “Ako” at minsan naman ang panghalip na pangharing “Kami” (na nagpapahiwatig ng kataasan at hindi kailanman nangangahulugan ng pagiging marami).

Mga Salin ng Qur'an

Ang isang nagsisimulang mag-aaral ay dapat makabatid ng ilang punto tungkol sa mga salin ng Qur'an.

Una, may pagkakaiba ang Qur'an at ang salin nito. Ang salin ng Qur'an ay hindi salita ni Allah, sapagkat ang Qur'an ay ang mismong pananalitang Arabe na sinalita ng Diyos, na ipinahayag sa Propeta (ﷺ) sa pamamagitan ni Anghel Gabriel. Ang salita ng Diyos ay ang Qur'an sa wikang Arabe lamang gaya ng sinabi ni Allah:

إِنَّا أَنْزَلْنَاهُ قُرْآنًا عَرَبِيًّا لَعَلَّكُمْ تَعْقِلُونَ

Tunay na Kami ay nagbaba nito na isang Qur'an na Arabe nang sa gayon kayo ay makaunawa. (Qur'an, 12:2)

Ang salin ay isang tinangkang pagpapaliwanag lamang ng mga kahulugan ng Qur'an. Ang isinaling teksto ay nawalan ng di-matularang katangian ng orihinal. Kaya magkaroon ng kabatiran sa antas ng pagsasalamin ng isang salin sa orihinal na mensahe sa bawat antas ng kahulugan, at na hindi nito matutumbasan ang orihinal. Sa dahilang ito, lahat ng itinuturing na pagbigkas ng Qur'an ay ginagawa sa orihinal na Arabe, gaya ng pagbigkas ng Qur'an sa pormal na dasal sa Islam na tinatawag na Salāh.

ARALIN 2

*Ang mga Pinaghahanguan
ng Batas ng Islam, ang Qur'an*

*- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas
ng Islam at Patnubay*

- Ano ba Talaga ang

Qur'an?

*- Papanong Dudulog sa
Qur'an*

*- Ang mga Pangunahing
Panuntunan*

*- Papanong Binuo ang
Qur'an?*

- Istilo ng Qur'an

- Mga Salin ng Qur'an

*- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'an
(Tafsir sa Wikang Arabe)*

*- Papanong akong Dudulog
sa Qur'an?*

Ikalawa, walang perpektong salin ng Qur'an. Sapagkat gawa ng tao, ang bawat salin ay makapaglalaman ng ilang antas ng kamalian. Ang ilang salin ay mahusay sa katangiang pangwika, samantalang ang mga iba naman ay kilala sa katumpakan ng paglalahad ng kahulugang teknikal. Maraming di-tumpak, at minsan nakapagliligaw pa, salin na sa kabuuan hindi katanggap-tanggap ng madlang Muslim bilang mapananaligang mga pagkakaliwat ng Qur'an ang naipagbibili sa pamilihan.

Ikatlo, bagamat ang isang pagsusuri ng lahat ng mga salin sa wikang Ingles ay labas sa saklaw ng araling ito, ang ilang salin ay maiimungkahi kaysa sa iba. Ang pinakalaganap na binabasang salin sa Ingles ay ang kay Abdullah Yusuf'Ali, kusunod ang kay Muhammad Marmaduke Pickthall, ang unang salin ng isang Muslim na Ingles. Ang salin ni Yusuf'Ali ay tanggap sa kabuuan, ngunit ang mga komentaryo niya sa talababa (footnote) ay maaaring kakaiba at hindi katanggap-tanggap. Ang kay Pickthall, sa kabilang dako, ay walang mga talababa (footnote) o komentaryo at ito ang nagpapahirap sa isang nagsisimulang mag-aaral.

Ang wika ng kapuwa salin ay medyo makaluma at mahirap unawain para sa ibang mga tao. Ang isa pang laganap na salin ay ang ginawa nina Dr. Hilali at Dr. Muhsin Khan na tinatawag na "Pagpapaliwanag sa Kahulugan ng Marangal na Qur'an." Bagamat kabilang ito sa pinakatumpak, ang maraming terminolohiyang Arabe at ang walang katapusang mga panaklong sa loob ng salin ay nagpapahirap na masundan ito at nagpapalito sa isang nagsisimulang mag-aaral. Ang isang higit na bagong bersiyon nito na may medyo magandang daloy ng teksto ay nailathala ng Saheeh International, at malamang na ito ay higit na isang mahusay na salin. Ang ilan sa mga ito at iba pang mga salin ay makakamtan nang libre sa internet.

Mga Pagpapaliwanag ng Qur'an (Tafsir sa Wikang Arabe)

ARALIN 2

Bagamat ang mga kahulugan ng Qur'an ay sa pangkalahatan madali at malinaw na nauunawaan, kailangang maging maingat sa pagsasagawa ng mga paggigiit tungkol sa Islam nang hindi bumabatay sa isang mapananaligang komentaryo. Hindi lamang sa ipinarating ng Propeta (ﷺ) ang Qur'an, ipinaliwanag niya rin ito sa kanyang mga Kasamahan. Ang mga sinabi niyang ito ay nakalap at napangalagaan magpahanggang sa ngayon. Sinabi ni Allah:

وَأَنْزَلْنَا إِلَيْكَ الذِّكْرَ لِتُبَيِّنَ لِلنَّاسِ مَا نُزِّلَ إِلَيْهِمْ وَلَعَلَّهُمْ يَتَفَكَّرُونَ

Ibinaba Namin sa iyo ang Qur'an na paalaala upang linawin mo sa mga tao ang pinababa sa kanila at nang sa gayon sila ay mag-isip-isip. (Qur'an, 16:44)

Upang maunawaan ang ilan sa higit na malalim na mga kahulugan ng Qur'an, dapat sumangguni sa mga komentaryo na bumabanggit ng mga pahayag na ito ng Propeta (Hadith) at gayon din ng kanyang mga Kasamahan, at hindi lamang umasa sa ating sariling pagkaunawa sa teksto dahil ang ating pagkaunawa nito ay limitado.

Sa pag-aaral ng mga agham ng Islam, may takdang pamamaraan ng pagpapaliwanag sa Qur'an. Ang mga agham pang-Qur'an, gaya ng pagkakatawag sa mga ito, ay lubhang pandalubhasang larangan ng kapantasang pang-Islam na nangailangan na kahusayan sa maraming sangay ng kaalaman, gaya ng pagpapaliwanag (tafsir), mga pagbigkas (tilawah), palabaybayan (rasm), pagka-di-matutularan ng Qur'an (i'jaz), mga kadahilanan ng pagpapababa ng Qur'an (asbab an-nuzul), pagpapawalang-bisa ng talata (naskh), balarila (nahw), mga pambihirang katawagan sa Qur'an (gharib), mga kahatulang pang-Fiqh (ahkam fiqhiah), at wika at panitikang Arabe (lughah wa adab).

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Qur'an

- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam at Patnubay
- Ano ba Talaga ang Qur'an?
- Papaanong Dudulog sa Qur'an
- Ang mga Pangunahing Panuntunan
- Papaanong Binuo ang Qur'an?
- Istilo ng Qur'an
- Mga Salin ng Qur'an
- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'an (Tafsir sa Wikang Arabe)
- Papaano akong Dudulog sa Qur'an?

ARALIN 2

*Ang mga Pinaghahanguan
ng Batas ng Islam, ang Qur'ān*

*- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas
ng Islam at Patnubay*

- Ano ba Talaga ang

Qur'ān?

*- Papanong Dudulog sa
Qur'ān*

*- Ang mga Pangunahing
Panuntunan*

*- Papanong Binuo ang
Qur'ān?*

- Istilo ng Qur'ān

- Mga Salin ng Qur'ān

*- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'ān
(Tafsīr sa Wikang Arabe)*

*- Papaano akong Dudulog
sa Qur'ān?*

Ayon sa mga pantas ng tafsīr, ang angkop na pamamaraan ng pagpapaliwanag ng mga talata ng Qur'ān ay ang sumusunod:

1. Pagpapaliwanag ng Qur'ān sa pamamagitan ng Qur'ān.
2. Pagpapaliwanag ng Qur'ān sa pamamagitan ng Sunnah ng Propeta (ﷺ).
3. Pagpapaliwanag ng Qur'ān sa pamamagitan ng mga pahayag ng mga Kasamahan (ni Propeta Muhammad (ﷺ)).
4. Pagpapaliwanag ng Qur'ān sa pamamagitan ng Wikang Arabe.
5. Pagpapaliwanag ng Qur'ān sa pamamagitan ng mga pahayag ng mga pantas kung hindi sumasalungat sa apat na naunang nabanggit.

Ang isang panghuli na payo para sa nagsisimulang mag-aaral: magtala, isulat ang mga tanong na lumilitaw sa iyong pagbabasa, at sa bandang huli ay sumangguni sa mga may angkop na kaalaman sa relihiyon at tanggapin ang kanilang paliwanag kung nakabatay sa katibayan.

Ang bawat Muslim ay nararapat na gawing kaugalian na magbasa ng Qur'ān sa paraang regular gaya ng sinabi ng Propeta (ﷺ):

“Bigkasin ang Qur'ān, sapagkat darating itong tagapagtanggol para sa kasama nito sa Araw ng Pagkabuhay.” (Muslim)

Para sa isang bagong Muslim, lalong mahalagang magbasa ng isang magandang salin ng Qur'ān upang manatiling matatag sa pananampalataya, lumago sa espirituwalidad, at makatanggap ng patnubay mula sa Qur'ān. Ang alalahanin ay hindi lamang tapusing basahin ang salin nang pagkabilis-bilis, bagkus ay maunawaan at mapagnilay-nilayan ang kahulugan nito. Magbasa nang madalas sa abot ng makakaya, kahit kakaunti, ngunit palagian.

Papaano akong Dudulog sa Qur'ān?

ARALIN 2

(1) Basahin ang Qur'ān nang may Tamang Layunin

Upang mapatnubayan ng Qur'ān at makatanggap ng gantimpara mula kay Allah, ang isang Muslim ay kailangang magbasa nito alang-alang lamang sa ikalulugod ni Allah – ang mapatnubayan ng Qur'ān. Ito ay dapat ding isang tapat na pagbabasa upang matagpuan ang katotohanan at sundan ito.

(2) Pumili ng isang Magandang Oras at Lugar, Taimtim na Magbasa, at Magnilay-nilay.

Ang Qur'ān ay kailangang basahin nang may malinaw na isip at sa angkop na kalagayan. Piliin ang pinakamainam na oras sa pagbabasa ng Qur'ān, ang oras na nakatutulong sa pagmumuni-muni. Sinabi ni Allah sa Qur'ān:

إِنَّ فِي ذَلِكَ لَذِكْرَى لِمَنْ كَانَ لَهُ قَلْبٌ أَوْ أَلْقَى السَّمْعَ وَهُوَ شَهِيدٌ

“*Tunay na ito ay talagang may isang paalaala para sa kani-
numang may puso at nag-ukol ng pakikinig habang siya ay
saksi. (Qur'ān, 50:37)*

Una, ang isang tao ay kailangang may isang sisidlang handang tumanggap sa mensahe – ang “puso.” Kung ang sisidlang ito ay hindi bukas sa mensahe, hindi ito “tatanggap” ng anuman kahit pa gumagalaw ang mga labi. Ikalawa, ang nag-ukol ng pakikinig ay ang nakikinig nang maigi, na tinatangkang maunawaan ang sinasabi. Ikatlo, ang saksi ay nangangahulugang ang kanyang puso ay nariyan at umaalinsabay sa sinasabi. Kung ang lahat ng mga kundisyon ay nariyan, ang tao ay makikinabang mula sa Qur'ān at mapapatnubayan siya nito. Kailangang pakatandaan ang pagmumuni-muni mismo ay hindi ang layunin; ito ay isang kaparaanan para ipatupad ang mga katuruan ng Qur'ān sa sariling buhay.

Ang mga Pinaghahanguan
ng Batas ng Islam, ang Qur'ān

- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas
ng Islam at Patnubay

- Ano ba Talaga ang

Qur'ān?

- Papaanong Dudulog sa
Qur'ān

- Ang mga Pangunahing
Panuntunan

- Papaanong Binuo ang
Qur'ān?

- Istilo ng Qur'ān

- Mga Salin ng Qur'ān

- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'ān
(Tafsīr sa Wikang Arabe)

- Papaano akong Dudulog
sa Qur'ān?

ARALIN 2

Ang mga Pinaghahanguan
ng Batas ng Islam, ang Qur'an

- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas
ng Islam at Patnubay

- Ano ba Talaga ang

Qur'an?

- Papaanong Dudulog sa
Qur'an

- Ang mga Pangunahing
Panuntunan

- Papaanong Binuo ang
Qur'an?

- Istilo ng Qur'an

- Mga Salin ng Qur'an

- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'an
(Tafsir sa Wikang Arabe)

- Papaano akong Dudulog
sa Qur'an?

(3) Hayaang ang Qur'an ang Magpasya ng Tama at Mali

Hayaang ang Qur'an na magpatnubay sa iyo. Hayaang ipakita nito ang tuwid na landasin. Dumulog dito nang may bukas na isip. Kung nabuo na ang pasya ng tao, titingnan niya ang Qur'an para makakita ng pangkatig sa kanyang mga pananaw, at ang Qur'an ay hindi magpapatnubay sa kanya sapagkat hindi ito nabigyan ng pagkakataon. Kinakailangang baguhin ng isang Muslim ang kanyang mga pananaw at mga saloobin alinsunod sa Qur'an, at hindi bigyang-pakahulugan ito para bumagay sa sariling mga inaakalang palagay. Dumulog nang may pagpapakumbaba, na sadyaang isinasantabi ang dati nang nakatanim sa isip mula sa sariling kultura at mga kaugalian, na sinisimulan ang bagong teksto bilang isang bagay na sariwa at bago. Pahintulutan itong umakay sa halip na tangkaing hubugin ito ayon sa naunang natutuhang mga huwaran ng paniniwala.

(4) Pakatantuin na ang Lahat ng Nasa Qur'an ay Totoo

Inilatag ni Allah, ang Kataas-taasan, ang pahamong tanong:

وَمَنْ أَصْدَقُ مِنَ اللَّهِ حَدِيثًا

“ Sino pa kaya ang higit na makatotoo kaysa kay Allah sa pananalita? (Qur'an, 4:87)

Anuman ang paksa, nagsasabi si Allah ng totoo. May kaugnayan man ito sa Naka-lingid na Mundo, buhay matapos ang kamatayan, kasaysayan, batas ng kalikasan, karunungan-panlipunan, o ano pa man, lahat ito ay nanggaling sa ating Panginoon. Kung minsan makababasa ang isang tao ng isang nadarama niyang salungat sa nagaganap sa paligid niya.

ARALIN 2

*Ang mga Pinaghahanguan
ng Batas ng Islam, ang Qur'an*

*- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas
ng Islam at Patnubay*

*- Ano ba Talaga ang
Qur'an?*

*- Papaanong Dudulog sa
Qur'an*

*- Ang mga Pangunahing
Panuntunan*

*- Papaanong Binuo ang
Qur'an?*

- Istito ng Qur'an

- Mga Salin ng Qur'an

*- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'an
(Tafsir sa Wikang Arabe)*

*- Papaano akong Dudulog
sa Qur'an?*

Sa gayong kalagayan, dapat matanto ng nagsisimulang mag-aaral na maaaring namali siya ng pagkaunawa sa sinasabi ng Qur'an, na mag-oobliga sa kanya na maghanap ng isang higit na mabuting pagkaunawa, o ang kanyang pagkaunawa sa kanyang binabasa ay nakatuon ayon sa uri ng kanyang kinalakihan. Napakahalaga para sa isang bagong mananampalataya na hindi magduda sa isang talata dala ng kakulangan sa pagkaunawa, at makadama ng katiyakan sa kanyang relihiyon at sa katotohanan nito. Lumago kasabay ng Qur'an, hanapin ang paliwanag sa mga tunay na pantas ng Islam, ang kalalakihan at kababaihan ng kaalaman, at sumangguni sa mga kinikilalang komentaryo ng Qur'an (tafsir) gaya ng Tafsir Ibni Kathir.

(5) Nangungusap ang Qur'an sa Iyo

Pakatantuin mo na ang Qur'an ay isiniwalat para sa iyo. Tuwiran kang kinakausap ni Allah. Ang Qur'an ay hindi lamang isiniwalat kay Propeta Muhammad (ﷺ) at sa kanyang mga Kasamahan, bagkus sa bawat tao hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Ito ang salita ng Diyos na Palaging-Buhay, tanggap magpakailanman, at nangungusap sa mga tao sa lahat ng panahon. Kapag nagbaba si Allah ng isang utos, ito ay pinatutungkol sa iyo. Ito ay iyong pansariling gabay, isang kagalingan sa karamdaman ng iyong kaluluwa. Ang bawat isang talata ay may mensahe sa iyo. Ang bawat katangian ni Allah ay humiling sa iyo na gumawa ka ng kaukulang kaugnayan. Ang bawat paglalarawan sa buhay pagkatapos ng kamatayan ay humihiling sa iyo na paghandaan mo ito. Ang bawat paglalarawan sa Paraiso ay humihimok sa iyo na mithiin mo iyon. Ang bawat paglalarawan sa Impiyerno ay nag-uudyok sa iyo na magpakupkop laban doon. Ang bawat kaasalan ay modelo na tutularan o iiwasan. Ang bawat pag-uusap ay sumasangkot sa iyo. Ang bawat kautusang legal, kahit pa man hindi nauukol sa iyo, ay may ilang mensahe sa iyo. Ang pagkatantong ito ay magpapanatiling gising sa puso mo. Ang tanyag na Kasamahan, si Abdullah ibnu Mas'ud, nagsabi:

“Kapag sinabi nito: “O mga sumampalataya...,” kailangang mong makinig nang maigi dahil ipinag-uutos nito sa iyo ang nakabubuti sa iyo o sinasaway nito sa iyo ang nakasasama sa iyo.”

(6) Palayain ang Teksto sa Limitasyon ng Panahon at Lugar

Ang Qur'ān ay isang napapanahong teksto na may kaugnayan sa makabagong buhay. Walang dudang ang maraming talata sa Qur'ān ay may kadahilanang pangkasaysayan; pumapatungkol ang mga ito sa isang partikular na tao o isang partikular na pangyayari. Ang pangkasaysayang kadahilanan ay mahalaga para maunawaan nang tama ang ilang talata. Ngunit ang mga halimbawa at mga aral na pangmoralidad ay may kaugnayan sa ating mga buhay at nagbibigay ng patnubay para sa ating sariling panahon at kalagayan. Ang pagkatanto ay magpapatanto sa tao na kahit pa man nagsasalita ang Qur'ān ng tungkol sa isang matandang bansa, ang mga aral pangmoralidad nito ay nauukol sa mga kasalukuyang pangyayari.

(7) Magmuni-muni at Magsuri

Ang Qur'ān ay hindi nauukol na sundin nang paimbabaw ni tanggapin nang walang pagkukusa. Naglalayon ito na tumalab sa puso, manuot sa kaluluwa, at magbigay-liwanag sa isip. Ang Qur'ān ay may kapangyarihang magpagaling ng mga puso at magpaginhawa ng mga kaluluwa, magpasigla at mag-udyok sa buhay ng tao, magbukas sa ating mga isip sa mga bagong pagkaunawa at marami pa. Inilarawan ni Allah ang Kanyang kapahayagan, na nagsasabi:

يَا أَيُّهَا النَّاسُ قَدْ جَاءَتْكُمْ مَوْعِظَةٌ مِنْ رَبِّكُمْ وَشِفَاءٌ لِمَا فِي الصُّدُورِ وَهُدًى وَرَحْمَةٌ لِّلْمُؤْمِنِينَ

“ O mga tao, may dumating nga sa inyo na isang pangaral mula sa Panginoon ninyo, isang lunas para sa nasa mga dib-dib, at isang patnubay at isang awa para sa mga mananam-palataya. (Qur'ān, 10:57)

ARALIN 2

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Qur'ān

- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam at Patnubay

- Ano ba Talaga ang

Qur'ān?

- Papaanong Dudulog sa Qur'ān

- Ang mga Pangunahing Panuntunan

- Papaanong Binuo ang Qur'ān?

- Istilo ng Qur'ān

- Mga Salin ng Qur'ān

- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'ān (Tafsir sa Wikang Arabe)

- Papaano akong Dudulog sa Qur'ān?

ARALIN 2

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Qur'an

- Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam at Patnubay

- Ano ba Talaga ang

Qur'an?

- Papaanong Dudulog sa Qur'an

- Ang mga Pangunahing Panuntunan

- Papaanong Binuo ang Qur'an?

- Istilo ng Qur'an

- Mga Salin ng Qur'an

- Mga Pagpapaliwanag ng Qur'an (Tafsir sa Wikang Arabe)

- Papaano akong Dudulog sa Qur'an?

Hindi hihilingin sa iyo kailanman ng Islam na isara mo ang isip mo. Taliwas doon, paulit-ulit na ipinagsusumamo ng Qur'an sa mga tao na pagmuni-munian ang nilikha ng Diyos at ang Kanyang kapa-hayagan, yayamang ang mga ito ay dalawang pinaghahanguan ng katotohanan mula sa Kanya. Halimbawa, kaugnay sa Qur'an, sinasabi ni Allah:

أَفَلَا يَتَذَكَّرُونَ الْقُرْآنَ أَمْ عَلَىٰ قُلُوبٍ أَقْفَالَهُ

Kaya hindi ba nila pinagbubulay-bulayan ang Qur'an o sa mga puso nila ay mga pampinid ng mga ito? (Qur'an, 47: 24)

Ang tunay na pananampalataya ay hindi bulag; ito ay pagkakita mismo. Ang pananampalataya sa Qur'an ay ibinatay sa pagmumuni-muni at pagpapasya na ang natatagpuan mula sa relihiyon ay talagang kaayon sa reyalidad, sa madaling salita, na iyon ay totoo.

ARALIN

3

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Sunnah

Mga Layunin

Sa katapusan ng pag-aaral na ito, nararapat na malaman ng mag-aaral:

- Ang pakahulugan sa Sunnah
 - Ang pagkabatayan ng Sunnah.
 - Ang pangangalaga sa Sunnah
-

Mga Kaalinsabay na Kakailanganin

- Mga Araling Mapapanood sa Video
-

Iminumungkahing Babasahin

- An Introduction to the Sciences of Hadīth ni Suhaib Hasan
- Usool al-Hadeeth ni Dr. Bilal Philips
- Studies in Hadīth Methodology and Literature ni M.M. Al-Azami
- Authority and the Importance of the Sunnah ni Jamaal Zarabozo

Ang Sunnah at ang Kinatatayuan Nito sa Islam

Ang “Sunnah” ay isang salitang kadalasan mong maririnig sa mga pag-uusap ng mga Muslim hinggil sa mga gawaing pang-Islam. Sa wikang Arabe, ang literal na kahulugan nito ay “daan” ngunit ginagamit ito bilang isang malawak na katawagan para sa bawat natutunan natin mula kay Propeta Muhammad (ﷺ) bukod pa sa mga salita ng Qur’ān. Ang Qur’ān at ang Sunnah ay nagpupuno sa isa’t isa sa gayon kalaking paraan na madalas marinig ang dalawang ito na binabanggit nang sabay sa katawagang “Qur’ān at Sunnah.”

Ang Sunnah ay tumutukoy sa mga gawain, mga pahayag, at paraan ng pamumuhay ni Propeta Muhammad (ﷺ). Ito ay isang napakahalagang aspeto ng buong sistema ng Islam. Si Allah mismo sa Qur’ān ay nag-utos sa mga Muslim na gawin ang Propeta na tinutularang halimbawa at makinig at sumunod sa kanyang mga salita. Ang Sunnah ay ang pangwakas na pamantayang panggawaing pagpapahayag ng Islam. Ito rin ang tiyakang pagpapaliwanag ng Qur’ān mismo. Halimbawa, iniatas ni Allah, ang Kataas-taasan, sa Qur’ān ang pagdarasal. Ngunit papaanong magdarasal sa paraang katanggap-tanggap? Sa anong mga oras, gaano kadalas, sa anong mga pananalita o mga sasambitin? Kung wala ang halimbawa ng Propeta, hindi natin malalaman kung papaanong ipatutupad ang Islam.

Ang Sunnah ng Propeta ay napangalagaan sa tinatawag na kalipunan ng Hadīth. Ang “Hadīth” ay nangangahulugang pahayag. Ang pangmaramihan ng hadīth sa wikang Arabe ay ahadīth; gayon pa man, sa Filipino, kadalasang hinihiram ng mga Muslim ang pang-isahang anyo ng salitang ito sa wikang Arabe at ginagamitan ng katagang Filipino na mga upang gawing pangmaramihan. Ang ahadīth ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay gaya ng mga siniping pananalita, mga sulyap sa kanyang buhay, at mga katuruan ayon sa naiulat ng kanyang mga Kasamahan at ipinasa sa maraming salinlahi ng mga tagasaulo at tagasulat ng kalipunan ng mga hadīth.

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Sunnah

- Ang Sunnah at ang Kinatatayuan Nito sa Islam

- Papaanong Napangalagaan ang Sunnah

1. *Ang Pagkaunawa ng mga Kasamahan (ni Propeta Muhammad pbuh) sa Kanilang Mabibigat na Tungkulin*
2. *Ang Pagtatala sa Hadīth*
3. *Ang Kahalagahan at Kasaysayan ng Isnād (mga Kawing ng Salaysay)*
4. *Sinaunang Panunuri sa Hadīth at Pagkilatis sa mga Tagasalaysay*
5. *Paglalakbay sa Layuning Maghanap ng Hadīth*

ARALIN 3

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Sunnah

- Ang Sunnah at ang Kinatatayuan Nito sa Islam

- Papanong Napangalagaan ang Sunnah

1. Ang Pagkaunawa ng mga Kasamahan (ni Propeta Muhammad pbuh) sa Kanilang Mabibigat na Tungkulin

2. Ang Pagtatala sa Hadith

3. Ang Kahalagahan at Kasaysayan ng Isnād (mga Kawing ng Salaysay)

4. Sinaunang Panunuri sa Hadith at Pagkilatis sa mga Tagasalaysay

5. Paglalakbay sa Layuning Maghanap ng Hadith

Ang ikinalilito minsan ng mga bagong Muslim ay na ang salitang “Sunnah” ay ginagamit din sa kahulugang “kanais-nais na gawain,” isang gawaing itinuturing na kanais-nais ngunit hindi isinatungkul-ing gawain. Sa kalagayang ito, makaririnig ka ng isang nagsasabi, halimbawa, “Ang magdasal ng karagdagang panggabing dasal ay isang Sunnah (kanais-nais na gawain), hindi isang Wājib (tungkulin).” Ang kapuwa paggamit ay tama, bagamat ang kahulugan ay malinaw at makabuluhan sa pagkakaiba. Alinsunod sa mga layunin ng ating pagtatalakay sa kabanatang ito, ang tinutukoy natin ay dati nang naipaliwanag na “daan” o Sunnah ni Propeta Muhammad (ﷺ) sa halip na itong huli na katawagang pang-Fiqh.

Papaanong Napangalagaan ang Sunnah

Dahil sumasalig tayo sa Sunnah sa pag-unawa sa ating relihiyon, mahalagang magkaroon ng pagtitiwala sa pagkatunay nito. Hindi lahat ng sinasabing naiugnay kay Propeta Muhammad (ﷺ) ay tunay; gayon pa man, mayroong mapananaligang tunay na kalipunan ng hadith na mapagbabatayan ng mga Muslim. Ang mga hadith na ito ay napangalagaan sa natatanging paraan, na tatalakayin natin mamaya.

Si Allah, napakamaluwalhati Niya at pagkataas-taas Niya, ay nangalaga sa Sunnah sa sarisaring paraan. Ang ilan sa mga aspetong ito ay namumukod sa sam-bayanang Muslim. Higit na mahalaga, ang mga kaparaanang ito ng pangangalaga ay sinunod na mula pa noong unang mga panahon, nang walang anumang patlang ng panahon para mawala ang mga orihinal na pahayag at ang mga kasabihan.

Kabilang sa ilan sa mga kalagayan at mga kaparaanang nakaambag sa pangangalaga ng Sunnah ay ang sumusunod:

1. Ang Pagkaunawa ng mga Kasamahan sa Kanilang Mabibigat na Tungkulin

Naunawaan ng mga Kasamahan ng Propeta na si Propeta Muhammad (ﷺ) ay ang panghuling sugo na ipinadala sa sangkatauhan at ang tungkuling pangalagaan ang kanyang mga katuruan ay naatang sa kanilang mga balikat. Ang kapuwa kalalakihan at kababaihan sa salinlahi ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay napakahalaga sa pangangalaga sa kanyang Sunnah. Ang kanyang mga maybahay, higit sa lahat, dahil sa kanilang tinatamang kaalaman sa kanyang pribadong pantahanang pamumuhay ay napakalaking pinagkunan ng mga kaalaman para sa mga Muslim at may ginampanang pangunahing papel sa pangangalaga sa Sunnah.

2. Ang Pagtatala sa Hadīth

Magmula sa pinakaunang salinlahi ng mga tagasunod ni Propeta Muhammad (ﷺ), noong panahon ng pamumuhay ng Propeta, may mga Muslim na masigasig ang hilig sa pagtatala sa anumang sinabi niya. Sa katunayan, sila ay lubhang masigasig sa misyong ito, itinurong tuloy ng ibang Kasamahan ng Propeta na kakaiba na ito at tinutulan ito. Ibinatay nila ang pagtutol nila sa pagpapalagay na ang Propeta ay maaaring magsalita minsan dala ng kanyang pansamantalang kalagayan at hindi niya ninanais na ipasulat iyon. Nang ang balita ng pagtatalong ito ay umabot kay Propeta Muhammad (ﷺ), ibinigay niya ang pahintulot niya at paghikayat para sa walang pagpipigil na pagpapatuloy sa pagtatala. Sinabi niya:

“Isulat, sapagkat sumpa man sa Kanya na nasa Kanyang mga kamay ang aking kaluluwa, walang lumilisan dito kundi ang katotohanan.” (Al-Albānī; Abū Dāwud)

Ang ibig niyang sabihin sa “walang lumilisan dito” ay walang pahayag na lumalabas kanyang bibig bukod pa sa isang katotohanan, maging anuman ang kanyang kalagayan. Malinaw mula sa pangyayaring ito na ang Sunnah ay naitala na magmula nang maaga pa.

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Sunnah

- Ang Sunnah at ang Kinatatayuan Nito sa Islam

- Papanong Napangalagaan ang Sunnah

1. Ang Pagkaunawa ng mga Kasamahan (ni Propeta Muhammad pbuh) sa Kanilang Mabibigat na Tungkulin

2. Ang Pagtatala sa Hadīth

3. Ang Kahalagahan at Kasaysayan ng Isnād (mga Kawing ng Salaysay)

4. Sinaunang Panunuri sa Hadīth at Pagkilatis sa mga Tagasalaysay

5. Paglalakbay sa Layuning Maghanap ng Hadīth

ARALIN 3

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Sunnah

- *Ang Sunnah at ang Kinatatayuan Nito sa Islam*

- *Papaanong Napangalagaan ang Sunnah*

1. *Ang Pagkaunawa ng mga Kasamahan (ni Propeta Muhammad pbuh) sa Kanilang Mabibigat na Tungkulin*
2. *Ang Pagtatala sa Hadith*
3. *Ang Kahalagahan at Kasaysayan ng Isnād (mga Kawing ng Salaysay)*
4. *Sinaunang Panunuri sa Hadith at Pagkilatis sa mga Tagasalaysay*
5. *Paglalakbay sa Layuning Maghanap ng Hadith*

Sa nasabing iyon, ang mga pahayag ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay hindi lamang napangalagaan sa pamamagitan ng pagsulat bagkus sa pamamagitan ng pagpapasahan mula sa mga bibig at paulit-ulit na pagsasaulo. Sa katunayan, ang maagang mga yugto ng pangangalaga ay higit na umasa sa pagsasaulo kaysa sa pagtatala. Ang mga Arabe noong panahon ni Propeta Muhammad (ﷺ) sa pangkalahatan ay hindi nakababasa ni nakasusulat; gayon pa man, sila ay matataas ang pang-unawa at talino. Ang kanilang memorya ay tanyag na tumpak, at isang karaniwang kaugalian ang pagsasaulo ng mahabang mga tula, mga mensaheng ipinadadala ng mga tao sa isa't isa, at iba pang mga mahalagang pahayag nang buong-buo. Upang ang isang bagay ay mapangalagaan, hindi kinakailangang maitala ito o maisulat ito. Posibleng ang isang bagay ay maitala nang mali. Ang kapuwa pagsusulat at pagsasaulo ay tumpak na napansin ng mga sinaunang pantas ng Hadith, lalo na noong panahon ng kakaunti ang marunong bumasa at magsulat. Tumuon sila nang higit sa katapatan at pagkamapagkakatiwalaan ng tao o mga taong nag-uulat ng hadith, o pahayag.

Hindi lahat ng naiulat na sinabi (dumano ng Propeta ﷺ) ay tinatanggap ng mga pantas ng Islam. Ang kahusayan sa pagsasaulo ng tagasalaysay o ang kakayahang maisulat nang angkop ang kanyang naiulat na pahayag ay bahagi ng kanyang pagkamapananaligan. Ang kanyang reputasyon ng katapatan ay itinuturing na pinakamahalagang punto. Kung nalamang siya ay nanlinlang ng sinuman, o nagsinungaling o nandaya sa anumang kalagayan, ang isang naiulat na pahayag mula sa kanya ay tatanggihan at hindi pananaligan.

Sa dakong huli sa kasaysayan ng pangangalaga sa Sunnah, may mga pangunahing pantas na lumitaw na mabusising nangalap at nagsadokumento ng mga hadith sa kapuwa pasaulo at pasulat na paraan. Noong mga araw na bago nagkaroon ng palimbagan, ang mga estudyante nila ay kumopya sa mga kalipunan nila sa pamamagitan ng kamay; subalit sa panahon ngayon, matatagpuan ang mga ito sa karamihan sa mga bilihan ng aklat pang-Islam at pati na sa internet.

ARALIN 3

*Ang mga Pinaghahanguan ng
Batas ng Islam, ang Sunnah*

*- Ang Sunnah at ang Kinatatayuan
Nito sa Islam*

*- Papanong Napangalagaan ang
Sunnah*

*1. Ang Pagkaunawa ng mga
Kasamahan (ni Propeta
Muhammad pbuh) sa Kanilang
Mabibigat na Tungkulin*

*2. Ang Pagtatala sa
Hadith*

*3. Ang Kahalagahan at
Kasaysayan ng Isnād (mga
Kawing ng Salaysay)*

*4. Sinaunang Panunuri sa
Hadith at Pagkilatis sa mga
Tagasalaysay*

*5. Paglalakbay sa Layuning
Maghanap ng Hadith*

Ang mahahalagang kalipunang ito ay pinananaligan magpahanggang ngayon ng mga estudyante ng mga agham pang-Islam. Kapansin-pansin, napabibilang dito ang mga kalipunan nina Bukhārīy, Muslim, Abū Dāwud, Tirmidhīy, Nasāīy, Ibnu Mājah, at mga iba pa. Walang duda na masusumpungan mo ang mga pangalan nila sa mga pagsisipi ng mga hadīth.

3. Ang Kahalagahan at Kasaysayan ng Isnād (mga Kawing ng Salaysay)

Ang isa pang mahalagang kasangkapan na ginagamit sa pangangalaga ng Hadīth ay ang sistema ng Isnād na namumukud-tanging nilinang ng sambayanang Muslim. Ang sistema ng Isnād ay ang pagbanggit ng mga pinaghanguan ng impormasyon, sa tumpak na pagkakasunud-sunod na tumutunton sa salaysay na iyon pabalik sa Propeta (ﷺ). Ang tagasalaysay ay hindi lamang nagsasabi: “Sinabi ni Propeta Muhammad (ﷺ)...” Bagkus, sinasabi ng tagasalaysay: “Narinig ko mula kay Ganito, na nagsabi sa akin na narinig niya mula kay Ganiyan, na narinig ito mula kay Ganoon...na si Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi...” Kung ang alin man sa mga tao sa pagkakasunud-sunod ay hindi mapananaligan, batay sa kanyang kakayahan sa pag-alaala o kanyang reputasyon ng katapatan, ito ay magpupukol ng pag-aalinlangan sa naiulat na pahayag.

Ang mahalagang puntong mapapansin dito ay na ang paggamit ng Isnād ay umunlad dahil sa kamalayan ng mga sinaunang pantas na Muslim na sila ay nangangalaga sa Islam sa pamamagitan ng paghahatid sa mga kasabihan ni Propeta Muhammad (ﷺ) at iba pang mga salaysay tungkol sa kanya. Napagtanto nila ang bigat ng moralidad ng tungkuling ito at isinagawa nila ito nang buong ingat at talino.

4. Sinaunang Panunuri sa Hadīth at Pagkilatis sa mga Tagasalaysay

Ang isa pang mahalagang aspeto sa pangangalaga sa mga Hadīth ay ang maagang pag-unlad ng panunuri sa hadīth at pagkilatis sa mga tagasalaysay. Bilang bahagi ng pandalubhasang agham na ito, halimbawa, ang mga talambuhay ng mga tagasalaysay ayon sa kawing ng pagkakasunud-sunod (tingnan ang Isnād sa itaas) ay kinalap. Kung may taong magsasabi na may dalawang tagasalaysay na magkaugnay sa kawing ng pagsalaysay para sa isang naiulat na kasabihan ni Propeta Muhammad (ﷺ), ngunit napag-alaman mula sa agham ng pag-aaral at pagkilatis sa mga tagasalaysay na ang dalawang nasabing tao ay namuhay sa magkaibang mga panahon o mga lugar at hindi maaaring nagkita para maghatid ng pahayag, iyan ay magpupukol ng pagdududa sa naiulat na kasabihan o salaysay.

Ang panunuring ito sa mga tagasalaysay ay nauwi sa pagsulong ng kaakit-akit at natatanging agham ng al-jarh wa at-ta`dīl, kung saan detalyadong tinatalakay ang mga buhay, at ang mga katangiang pangkaalaman at pangmoral ng literal na libu-libong tagasalaysay.

5. Paglalakbay sa Layuning Maghanap ng Hadīth

Ang isa pang natatanging pangyayari na lumitaw at nakatulong sa pangangalaga sa Sunnah ay ang paglalakbay sa layuning maghanap ng hadīth, upang tiyakin ang mga pinaghanguan at mangalap ng karagdagang pang Hadīth kaalinsabay niyon.

Ang Kahalagahan ng Pag-aaral ng Sunnah

Nasaad sa Qur`ān na nilinaw ni Allah na kung iniibig ng isang tao si Allah at hinhangad niya na ibigin din siya ni Allah bilang ganti, ang susi ay sundan niya ang kalakaran ni Propeta Muhammad (ﷺ). Sinabi ni Allah:

Ang mga Pinaghahanguan ng Batas ng Islam, ang Sunnah

- Ang Sunnah at ang Kinatatayuan Nito sa Islam

- Papaanong Napangalagaan ang Sunnah

1. Ang Pagkaunawa ng mga

Kasamahan (ni Propeta

Muhammad pbuh) sa Kanilang

Mabibigat na Tungkulin

2. Ang Pagtatala sa

Hadīth

3. Ang Kahalagahan at

Kasaysayan ng Isnād (mga

Kawing ng Salaysay)

4. Sinaunang Panunuri sa

Hadīth at Pagkilatis sa mga

Tagasalaysay

5. Paglalakbay sa Layuning

Maghanap ng Hadīth

قُلْ إِنْ كُنْتُمْ تُحِبُّونَ اللَّهَ فَاتَّبِعُونِي يُحْبِبْكُمُ اللَّهُ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ . وَاللَّهُ غَفُورٌ رَحِيمٌ

ARALIN 3

Ang mga Pinaghahanguan ng
Batas ng Islam, ang Sunnah

- Ang Sunnah at ang Kinatatayuan
Nito sa Islam

- Papanong Napangalagaan ang
Sunnah

1. Ang Pagkaunawa ng mga
Kasamahan (ni Propeta
Muhammad pbuh) sa Kanilang
Mabibigat na Tungkulin

2. Ang Pagtatala sa
Hadith

3. Ang Kahalagahan at
Kasaysayan ng Isnād (mga
Kawing ng Salaysay)

4. Sinaunang Panunuri sa
Hadith at Pagkilatis sa mga
Tagasalaysay

5. Paglalakbay sa Layuning
Maghanap ng Hadith

“ Sabihin mo : “Kung kayo ay umiibig kay Allah ay sundin ninyo ako, iibigin kayo ni Allah at magpapatawad Siya sa inyo sa mga pagkakasala ninyo. Si Allah ay Mapagpatawad, Maawain.” (Qur’ān, 3:31)

Ang Propeta sa isang dako ay isang buhay na Qur’ān. Nang ang maybahay ng Propeta (ﷺ) na si `Āīshah ay tinanong tungkol sa kanyang ugali at asal, sumagot ito: **“Ang ugali niya ay ang Qur’ān.”** (Muslim, 746)

Mayroong isang napakahalagang ugnayan ang Qur’ān at ang Sunnah. Ang Sunnah ay nagpapakita kung papaanong ipinatutupad ang Qur’ān. Ang Sunnah ay isang pagpapaliwanag sa gawa sa kung ano ang itinuturo ng Qur’ān. Pinapakahulugan nito ang mga moralidad, mga kaasalan, at mga batas na nasasaad sa Qur’ān sa paraang ang kahulugan nito ay nagiging malinaw.

Ang lubos na pagsasakatawang-tao ng mga katuruan ng Qur’ān ay isang dakilang biyaya at awa para sa mga Muslim. Ginagawa nito ang patnubay mula sa Diyos na higit na lubos at natatamo ng lahat.

Kaya naman ang Qur’ān at ang Sunnah ay bumubuo sa isang pinagsamang kabuuan na nag-aalok ng lahat ng simulain ng patnubay na kakailanganin ng sangkatauhan hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Ang Qur’ān, mangyari pa, ay bumubuo sa iisang aklat na mapalalob sa mga dalawang daang pahina. Ang Sunnah, sa kabilang dako, ay lubhang naiiba, na sumasaklaw sa lahat ng uri ng mga pahayag ng Propeta (ﷺ). Ang Sunnah ay napalalob sa kalipunan ng mga hadith.

ARALIN 3

*Ang mga Pinaghahanguan ng
Batas ng Islam, ang Sunnah*

*- Ang Sunnah at ang Kinatatayuan
Nito sa Islam*

*- Papaanong Napangalagaan ang
Sunnah*

*1. Ang Pagkaunawa ng mga
Kasamahan (ni Propeta
Muhammad pbuh) sa Kanilang
Mabibigat na Tungkulin*

*2. Ang Pagtatala sa
Hadith*

*3. Ang Kahalagahan at
Kasaysayan ng Isnād (mga
Kawing ng Salaysay)*

*4. Sinaunang Panunuri sa
Hadith at Pagkilatis sa mga
Tagasalaysay*

*5. Paglalakbay sa Layuning
Maghanap ng Hadith*

Kinikilala ng mga pantas na Muslim na ang relihiyon ni Allah ay kailangang mapangalagaan nang tumpak. Kinikilala rin nila na hindi lahat ng inuugnay sa Propeta (ﷺ) ay maaaring tama sapagkat kahit ang mga tapat na tao ay nakagagawa ng mga kamalian. Kaya naman mabusisi at maparaan nilang pinag-aralan ang sarisaring mga hadith at mga pahayag na ikinapit sa Propeta (ﷺ) at sinasala nila ang mga mapatutunayan mula sa mga hindi maaaring mapatunayan. Kaya naman sa Batas ng Islam, hindi lahat ng hadith ay maituturing na mapananaligan. Tanging ang mga hadith na makatutugon sa mahigpit na mga pamantayan ng katumpakan ang maituturing na mapananaligan. Tinatawag ng mga pantas ang mga uring ito ng hadith na Sahih (tumpak) o Hasan (maganda). Ang mga di-katanggap-tanggap na hadith ay inuuri na daif (mahina), napa-kahina o gawa-gawa.

Kapag lalong pinag-aaralan ang mga agham ng hadith, higit na makikita ang pagkakaiba ng mga pinaghahanguan ng mga hadith at ang pagkamapagkakatiwalaan ng mga ito, at lalong makakayang masuri at magamit sa buhay ang mga pahayag ni Propeta Muhammad (ﷺ).

ARALIN

4

Fiqh ng Islam

Mga Layunin

Sa katapusan ng pag-aaral na ito, nararapat na malaman ng mag-aaral:

- Ang pagpaparaya ng Islam sa mga pagkakaibang pang-Fiqh;
- Ang mga pinagmulan at pagkabuo ng mga madhhab;
- Ang kalikasan ng mga kahatulang legal at mga saklaw nito;
- Ang mga panganib ng pagpapakalabis sa Fiqh.

Mga Kaalinsabay na Kakailanganin

- Mga Araling Mapapanood sa Video

Iminumungkahing Babasahin

- The Evolution of Fiqh ni Dr. Bilal Philips
- Philosophy of Islamic Shari'ah ni `Alā Eddine Kharoufa
- Principles of Islamic Jurisprudence ni Mohammad Hashim Kamali
- Ethics of Disagreement in Islam Taha Jabir al `Alwani

Fiqh ng Islam

Ang nakararami sa mga kahatulan ng Islam sa mga tagasunod nito ay madaling maunawaan at tuwiran. Lalo na sa mahahalagang usapin—gaya ng mga usapin ng pananampalataya sa Diyos o mga usapin ng pangunahing moralidad o mga pangunahing katangian ng pagsamba—ang Fiqh ng Islam ay napaloloob sa tanyag na mga pamamaraan ng Qur’ān at mga tanyag na pahayag ni Propeta Muhammad (ﷺ). Bagamat ang ilang kakaibang palaisip na Muslim ay nagkakamali at nalilihis sa mga pangunahing mithiing ito ng Islam, ang higit na nakararami sa mga pantas na Muslim ay nagkakasundo tungkol sa mga pangunahing usapin at mga pangunahing gawain sa Islam.

Hinggil sa maliliit na detalye, gayon pa man, makatatagpo ng mga pagkakaiba sa mga opinyon. Halimbawa, bagamat ang lahat ng mga pantas na Muslim ay nagkakaisa na kailangang magpatirapa sa pagdarasal, may mga pantas na naniniwalang nararapat na unahing ilapag ang mga kamay bago ilapag ang mga tuhod samantalang may mga pantas na nagpapalagay ng kabaliktaran nito. Kung nagdarasal ang isang Muslim sa alinman sa dalawang istilong ito, katanggap-tanggap ito, at si Allah ay higit na nakaaalam kung alin ang pinakakalugud-lugod sa Kanya.

Maaaring may mga pagkakaiba rin sa mga pagpapalagay ng mga pantas sa pagsusuri sa mga pangkasalukuyang kaganapan at makabagong mga pag-unlad sa lipunan at teknolohiya. Ang madaling masabi na “Sa Islam, ang gayon at ganito ay tama,” ay hindi palaging posible sa pagtatalakay ng bawat usapin, at higit sa malamang na makasumpong tayo ng mahahabang pagtatalakay na may mga patunay na inilalahad mula sa Qur’ān at Sunnah, magkakaibang pakahulugan, at makatwirang mga argumento.

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam
- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal
 - Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam
- Ilan sa mga Layunin ng Islam
 - (A) Pagsamba kay Allah Lamang
 - (B) Pagpapalaya sa mga Tao sa Pagsamba sa Ibang mga Tao o Pagsamba sa Anumang Bagay
 - (C) Pagpapalago at Pagtutumpak sa Buhay sa Mundo
 - (D) Katarungan at Pagbabawal sa Kawalang Katarungan sa Iba
 - (E) Totoong Kapayapaan
- Ang Matataas na Layunin ng Shari’ah
- Pagpapakalabis sa Relihiyon
 - Ang Balanseng Pamamaraan
 - Ginhawa at Kawalan ng Hirap sa Batas
 - Kalupitan sa Tao

ARALIN 4

Fiqh ng Islam

- *Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam*
- *Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal*
 - *Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam*
- *Ilan sa mga Layunin ng Islam*
 - (A) *Pagsamba kay Allah Lamang*
 - (B) *Pagpapalaya sa mga Tao sa Pagsamba sa Ibang mga Tao o Pagsamba sa Anumang Bagay*
 - (C) *Pagpapalago at Pagtutumpak sa Buhay sa Mundo*
 - (D) *Katarungan at Pagbabawal sa Kawalang Katarungan sa Iba*
 - (E) *Totoong Kapayapaan*
- *Ang Matataas na Layunin ng Shari'ah*
- *Pagpapakalabis sa Relihiyon*
 - *Ang Balanseng Pamamaraan*
 - *Ginhawa at Kawalan ng Hirap sa Batas*
 - *Kalupitan sa Tao*

Bagamat ang mga pagkakaiba ay maaaring nakalilito lalo na sa isang bagong Muslim, may mga kadahilanan kung bakit ang mga individuwal o ang mga pangkat ay humahantong sa magkakahiwalay na konklusyon tungkol sa mga partikular na gawain, at sa higit na malaking bahagi ay wala namang kapinsalaan sa mga pagkakai-bang ito. Ang pag-unawa at ang paggalang sa mga pagkakaiba sa pagitan ng Muslim na mga individuwal at mga pangkat ay isang mahalagang katangian ng ating kapatiran at pagkakaisa; samakatuwid, tatalakayin natin ang ilang pinagmumulan ng mga pagkakaiba sa ibaba at tatangkaing magbalangkas ng pananaw sa mga ito.

Gaya ng nauna nang nailahad sa Aralin 1, ang mga panuntunan sa maka-Islam na pamumuhay ay kailangang sapat na madaling ibagay para matugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mga tao hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Kaya naman hindi bawat detalye ng batas ay nilinaw sa Qur'ān at Sunnah. Hinayaan ni Allah, ang Kataas-taasan, ang ilang usapin para tuklasin ng mga Muslim mismo, kaya mapipilitan silang matutuhan at pag-aralan ang Qur'ān at ang Sunnah sa malawakang detalye. Ang mga konklusyon na hinango ng mga pantas mula sa Qur'ān at Sunnah, na hindi tahasang nasaad sa Qur'ān o Sunnah ay kilala bilang “pansariling pangangatuwiran” o *ijtihad* sa wikang Arabe (na nagpapahiwatig ng sukdulang pagpupunyagi upang makahango ng isang pagpapalagay).

Bilang pinaghanguan ng Fiqh, ang pansariling pangangatuwiran ay malinaw na maaaring magkamali. Posible sa mga pantas na humantong sa magkakaibang mga konklusyon ngunit gagantimpalaan pa rin silang lahat ng Diyos. Ang mga pagsusumikap ng bawat pantas, kung tapat, ay kikilalanin ni Allah, gaya ng nasasaad sa *hadith*:

“Kapag humatol ang tagahatol at nagpunyagi siya, pagkatapos ay tumama siya, ukol sa kanya ay dalawang gantimpala. Kapag humatol siya at nagpunyagi siya, pagkatapos ay nagkamali siya, ukol sa kanya ay isang gantimpala.” (al-Bukhārī at Muslim)

Gayon pa man, hindi ito nangangahulugan na ang kanilang mga konklusyon ay panghuling awtoridad. Ang mga pansariling kahatulan ay kailangang kilatisin sa liwanag ng Qur’ān at Sunnah, at ang anumang tila pinakatumpak ayon sa Qur’ān at Sunnah ay dapat panindigan.

Mga Madhhab⁴ ng Fiqh ng Islam

May isang pangyayaring pangkasaysayang naganap nang may ilang partikular na pantas na masigasig na nagsakodigo ng mga batas mula sa Qur’ān at Sunnah at gayon din pinalawak nila ang mga batas na iyon, sa pamamagitan ng pansariling pangangatwiran, hanggang sa mga kalagayang hindi nasaklawan sa mga tekstong iyon. Ang gawain ng mga pantas na ito ay nagpatuloy hanggang sa nabuo ang “mga madhhab” batay sa kanilang mga katuruan.

Ang pinakapangunahin sa mga madhhab na ito ng Fiqh, na pinangalanan mula sa mga tagapagtatag ng mga ito, ay ang sumusunod:

(1) Si Abū Hanīfah (80-150 A.H.) at ang madhhab Hanafiy. Si Abū Hanīfah ay isang naunang pantas na nanirahan sa Iraq. Sa ngayon, ang kanyang madhhab ay ang pinakanangingibabaw sa Turkey, Pakistan, India, Afghanistan, mga estadong Muslim na dating bahagi ng Unyong Soviet, at mga bahagi ng Gitnang Silangan.

ARALIN 4

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam

- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal
 - Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam
- Ilan sa mga Layunin ng Islam
 - (A) Pagsamba kay Allah Lamang
 - (B) Pagpapalaya sa mga Tao sa Pagsamba sa Ibang mga Tao o Pagsamba sa Anumang Bagay
 - (C) Pagpapalago at Pagtutumpak sa Buhay sa Mundo
 - (D) Katarungan at Pagbabawal sa Kawalang Katarungan sa Iba
 - (E) Totoong Kapayapaan
- Ang Matataas na Layunin ng Shari’ah
- Pagpapakalabis sa Relihiyon
 - Ang Balanseng Pamamaraan
 - Ginhawa at Kawalan ng Hirap sa Batas
 - Kalupitan sa Tao

⁴ relihiyong Islam ay iisa, ngunit ang pamamaraan ng paghango ng mga batas mula sa Qur’an at Sunnah at sa iba pa ay marami. Ang mga pamamaraang ito na pinasimulan ng ilang dalubhasa sa Fiqh ay tinatawag na mga madhhab. Ang madhhab ay parang denominasyon ngunit denominasyong para sa Batas hindi para sa Teolohiya kaya hindi ito maituturing na sekta. Ang madhhab ay kadalasang isinasalin sa Ingles na School of Thought.

ARALIN 4

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam

- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal
 - Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam
- Ilan sa mga Layunin ng Islam
 - (A) Pagsamba kay Allah Lamang
 - (B) Pagpapalaya sa mga Tao sa Pagsamba sa Ibang mga Tao o Pagsamba sa Anumang Bagay
 - (C) Pagpapalago at Pagtutumpak sa Buhay sa Mundo
 - (D) Katarungan at Pagbabawal sa Kawalang Katarungan sa Iba
 - (E) Totoong Kapayapaan
- Ang Matataas na Layunin ng Shari'ah
- Pagpapakalabis sa Relihiyon
 - Ang Balanseng Pamamaraan
 - Ginhawa at Kawalan ng Hirap sa Batas
 - Kalupitan sa Tao

(2) Si Mālik ibnu Anas (95-179 A.H.) at ang madhhab Mālikīy. Si Mālik ibnu Anas ay nanirahan sa Madinah, ang Lungsod ng Propeta (ﷺ), sa buong buhay niya. Sa ngayon, ang kanyang madhhab ay ang pinakalaganap sa Hilagang Afrika at Timog Sahara ng Afrika. Sa loob ng ilang siglo, ito ang nangingibabaw na madhhab sa Andalusya o Espanyang Muslim.

(3) Si Muhammad ibnu Idrīs ash-Shafi'īy (150-204 A.H.) at ang madhhab Shafi'īy. Si Ash-Shafi'īy ay nagmula sa liping Quraysh, ang mismong lipi ng Propeta (ﷺ). Nag-aral siya at nanirahan sa maraming pook, at bandang huli ay nanirahan sa Ehipto. Sa ngayon, ang kanyang madhhab ay pinakalaganap sa Malaysia, Indonesia, [Ehipto, timog Pilipinas,] at sa ilang bahagi ng Gitnang Silangan.

(4) Si Ahmad ibnu Hanbal (164-241 A.H.) at ang madhhab Hanbalīy. Si Ahmad ibnu Hanbal ay nanirahan sa Baghdad at kilalang isang dakilang pantas ng hadīth. Sa ngayon, ang kanyang madhhab ay ang pinakanangingibabaw sa Saudi Arabia at sa ibang mga bahagi ng Peninsula ng Arabya.

Ang mga dakilang pantas na ito at ang mga iba pa ay humantong sa [ilang] magkakaibang konklusyon, na magkaminsan ay maipagkakasundo at sa ilang pagkakataon ay magkasalungat.

Mahalagang maunawaan na mayroong maraming dahilan sa mga pagkakaiba ng opinyon sa pagitan ng mga faqīh. Mayroon ding ilang mahalagang punto na alalahanin kaugnay sa gayong mga pagkakaiba sa pagitan ng mga pantas, na pihong masusumpungan sa mga detalye ng pagganap sa Islam.

1. Ang pinakapangunahing layon ng Muslim ay “ang katotohanan.” Kaya naman dapat siyang magsikap na tuklasin ang katotohanan at sundan ito sa lahat ng kalagayan.

2. Ang mga pagkakaibang ito ng pakahulugan ay pihong mangyayari. Ang isang tao ay maaaring tapat na naghahangad ng ikalugod ni Allah ngunit maaaring humantong sa isang konklusyong maituturing ng iba na mahina o di-katanggap-tanggap. Hanggat ang pananaw ng isang tao ay hindi malinaw na sumasalungat sa Qur’ān o Sunnah at may ilang batayan siya mula sa katanggap-tanggap na patunay, dapat siyang igalang bilang tao.

Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal

Mayroong limang antas ng kahatulan sa Fiqh o sa anumang gawain: isinasatungkulin, itinatagubilin, ipinahihintulot, kinasusuklaman, at ipinagbabawal. Madalas na gamitin ng mga Muslim ang katawagang Arabe sa pagtukoy sa mga antas ng ito ng kahatulan, at mayroong maraming kasingkahulugang katawagan para sa ilan sa mga ito. Ang mga antas na ito ng kahatulan ay kumakatawan sa isang saklaw ng mga panuntunan para sa ating mga gawain, gaya ng makikita mo.

Bago tanggapin at ipatupad sa buhay ang mga kahatulang ito, mahalagang kilalanin kung kanino nanggaling ang patakaran at kung bakit sinusunod ito. Sa dakong huli, ang mga panuntunang pang-Islam sa paraan ng pamumuhay ng mga tagasunod nito ay naglalayong iugnay ang tagasunod sa kanyang Tagapaglikha, na Siyang Tagapagbatas. Kung nakatitiyak tayo na ang isang kahatulan ay nagmula kay Allah dahil tahasan itong kinakatigan sa Qur’ān at Sunnah halimbawa, kailangang magsikap tayo para ipatupad ito sa ating mga buhay; at kung mabibigo tayong gawin ito, kailangang humingi tayo ng tulong at tawad kay Allah. Bilang mga Muslim, nagpasakop tayo sa Diyos, sumuko sa Kanya;

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam

- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal

- Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam

- Ilan sa mga Layunin ng Islam

(A) Pagsamba kay Allah

Lamang

(B) Pagpapalaya sa mga Tao sa

Pagsamba sa Ibang mga

Tao o Pagsamba sa

Anumang Bagay

(C) Pagpapalago at Pagtutumpak

sa Buhay sa Mundo

(D) Katarungan at Pagbabawal

sa Kawalang Katarungan

sa Iba

(E) Totoong

Kapayapaan

- Ang Matataas na Layunin

ng Shari’ah

- Pagpapakalabis sa

Relihiyon

- Ang Balanseng

Pamamaraan

- Ginhawa at Kawalan ng Hirap

sa Batas

- Kalupitan sa Tao

ARALIN 4

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam

- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal

- Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam

- Ilan sa mga Layunin ng Islam

(A) Pagsamba kay Allah

Lamang

(B) Pagpapalaya sa mga Tao sa

Pagsamba sa Ibang mga

Tao o Pagsamba sa

Anumang Bagay

(C) Pagpapalago at Pagtutumpak

sa Buhay sa Mundo

(D) Katarungan at Pagbabawal

sa Kawalang Katarungan

sa Iba

(E) Totoong

Kapayapaan

- Ang Matataas na Layunin ng Shari'ah

- Pagpapakalabis sa

Relihiyon

- Ang Balanseng

Pamamaraan

- Ginhawa at Kawalan ng Hirap

sa Batas

- Kalupitan sa Tao

at bagamat madalas tayong nagkukulang sa ating pagsamba at tungkulin sa Diyos, ang mga panahon ng kahinaan sa pagganap ng mga tungkulin ay hindi dapat maging katangian natin at kailangang palagian tayong magpunyagi na ituwid ang ating mga buhay at maging lingkod ng Diyos, na siyang layon ng pagkakalikha sa atin.

Mahalaga ring pakatandaan na ang anumang ipinagbabawal ni Allah, ipinahihintulot Niya, o ipinag-uutos Niya ay dahil sa isang dakilang kadahilanan. Ang ipinagbabawal ay ipinagbabawal dahil sa nakapipinsalang epekto nito sa atin—hindi upang pagkaitan tayo ng makamundong kalayawan. Ang karamihan sa mga bagay-bagay ay ipinahihintulot, at may kakaunti lamang talagang ipinagbabawal na mga bagay-bagay. Ang mga tungkulin natin sa relihiyong Islam—gaya ng pagdarasal, pagbibigay ng kawanggawa, pag-aayuno sa Ramadān, at pagsasagawa ng hajj sa Makkah—ay nakabubuti sa atin nang pagkalaki-laki sa espirituwalidad at sa ibang mga paraan. Ang mga tungkuling kailangang gampanan ay kakaunti kung ihahambing sa maraming biyaya at awa na ipinagkaloob sa atin sa ating mga buhay. Dala ng pasasalamat kahit papaano, dapat tayong magpunyagi na gamitin ang Kanyang mga biyaya sa atin sa pagtalima sa Kanya at hindi sa pagtalima sa Kanyang kaaway at sa ating kaaway, ang isinumpang demonyo na patuloy na tumutukso sa atin palayo sa Kanya at palayo sa Kanyang awa at mga gantimpa-la.

Pangwakas, kailangang magkaroon tayo ng kamalayan, habang hinaharap natin ang mga pagtatalakay sa Fiqh, hinggil sa antas ng katiyakan ng isang takdang kahatulan. Gaya ng nabanggit sa itaas, hindi lahat ng kahatulan ay tahasang nasaad sa Qur'ān at Sunnah. Hindi lahat ng aklat sa Fiqh na mabibili sa pamilihan ay mapananaligan.

ARALIN 4

Fiqh ng Islam

- *Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam*

- *Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal*

- *Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam*

- *Ilan sa mga Layunin ng Islam*

(A) *Pagsamba kay Allah*

Lamang

(B) *Pagpapalaya sa mga Tao sa*

Pagsamba sa Ibang mga

Tao o Pagsamba sa

Anumang Bagay

(C) *Pagpapalago at Pagtutumpak*

sa Buhay sa Mundo

(D) *Katarungan at Pagbabawal*

sa Kawalang Katarungan

sa Iba

(E) *Totoong*

Kapayapaan

- *Ang Matataas na Layunin ng Shari'ah*

- *Pagpapakalabis sa Relihiyon*

- *Ang Balanseng*

Pamamaraan

- *Ginhawa at Kawalan ng Hirap*

sa Batas

- *Kalupitan sa Tao*

Ang bawat tao ay mananagot para sa kanyang sariling bilang individuwal kaugnay sa pagsusuri sa kanyang naririnig o pinag-aaralan tungkol sa mga kahatulan sa Islam. Kung may nararamdamang mali, maaaring namamali sa pagpapakahulugan, namamali sa paggamit, naililigaw ng isang hindi mapananaligang aklat o iba pang sanggunian, o hindi kaya ay nagkakamali sa pagkaunawa ng kahatulan. Mahalagang makakita ng tumpak at mapagkakatiwalaang sanggunian sa pag-aaral ng mga kahatulan sa Islam upang hindi maligaw at malito.

Ang 5 Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam

Isinasaisip ang mga puntong nabanggit sa itaas—ibig sabihin, na ang batas ng Islam ay nanggaling sa Tagapaglikha natin at na ito ay ipinag-utos nang may kadahilanan Niya, at na maaaring mamali sa pagkaunawa o mamali sa pagpapatupad sa batas ng Islam, na kailangang lalong mag-ingat bilang isang bagong Muslim—galugarin natin ang mga antas ng mga kahatulan sa Islam, na madalas mong maririnig sa mga pagtatalakay ng mga gawaing pang-Islam.

1 Isinasatungkulin (Wājib, Fard)

Isipin: “Kailangan mong gawin.”

Nagpapahiwatig ito ng isang atas at kailangang gampanang utos mula kay Allah, ang Kataas-taasan, ang Tagapagbatas, na ipinatutungkol sa individuwal o komunidad kaugnay sa paggawa ng isang gawain. Ang pagtupad sa utos para sa isang kinakailangang gawin ay nauuwi sa pagkamit ng gantimpala sa mundong ito at sa kabilang-buhay, samantalang ang pagsuway rito ay nauuwi sa kaparusahan sa mundong ito at sa kabilang-buhay.

ARALIN 4

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng

Islam

- Pagpapakahulugan sa Batas:

Kalikasan ng mga Kahatulang

Legal

- Ang Limang (5) Antas na

Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh

ng Islam

- Ilan sa mga Layunin ng

Islam

(A) Pagsamba kay Allah

Lamang

(B) Pagpapalaya sa mga Tao sa

Pagsamba sa Ibang mga

Tao o Pagsamba sa

Anumang Bagay

(C) Pagpapalago at Pagtutumpak

sa Buhay sa Mundo

(D) Katarungan at Pagbabawal

sa Kawalang Katarungan

sa Iba

(E) Totoong

Kapayapaan

- Ang Matataas na Layunin

ng Shari'ah

- Pagpapakalabis sa

Relihiyon

- Ang Balanseng

Pamamaraan

- Ginawa at Kawalan ng Hirap

sa Batas

- Kalupitan sa Tao

Halimbawa, ang pagsasagawa sa itinakdang limang pang-araw-araw na dasal (tinatawag na salāh sa wikang Arabe) ay isinasatungkulin sa bawat Muslim na nasa tamang gulang at matino ang pag-iisip, lalaki o babae. Kung pababayaang sinuman ang pagsasagawa ng kanyang salāh, maparurusahan siya ni Allah, ang Kataas-taasan. Kung lulubusin ng sinuman ang kanyang salāh nang tumpak, gantimpalaan ni Allah, ang Makapangyarihan, ang taong iyon. Ang salāh ay wājib.

2 Itinatagubilin (Mandūb, Mustahabb, Sunnah)

Isipin: “Dapat mong gawin,” o “Makabubuting gawin mo.”

Ang kahatulang Itinatagubilin ay humihiling sa individuwal o komunidad na gawin ang isang gawain, gayon pa man, hindi ito kailangang gampanan. Ang pagtupad sa hiling na ito ay magdudulot sa individuwal ng gantimpala sa mundong ito at kabilang-buhay, ngunit walang kaparusahang ipinapataw sa pagkabigong isagawa ito.

Halimbawa, itinatagubilin sa isang Muslim na kumain ng datiles at uminom ng tubig pagkatapos ng pag-aayuno sa maghapon sa Ramadān. Gayon pa man, marahil ang isang tao ay walang gayong pagkain sa oras ng pagtatapos sa pag-aayuno. Hindi kasalanan at hindi maparurusahan kung napabayaang isagawa ito at tinapos ang pag-aayuno sa pagkain o pag-inom ng iba; gayon pa man, kung naalaalang gawin ito, bahagi ito ng kung papaanong tinatapos ng Propeta (ﷺ) ang pag-aayuno niya. Mayroon itong kapakinabangang pangkalusugan at ginagantimpalaan ni Allah, ang Kataas-taasan.

3 Ipinahihintulot (Mubāh, Halāl)

Isipin: “Walang masama ang alin man sa dalawa, kung gagawin mo o hindi gagawin.”

Ang kahatulang Mubāh o Halāl ay nagbibigay sa isang tao ng mapagpipiliang gawin o hindi gawin ito, nang walang takdang panghihimok na gawin ito. Wala naman talagang isang pangako ng gantimpalang nauugnay sa kahatulang nagtatadhana sa isang gawain bilang halāl. Sa ilang pagkakataon, gayon pa man, ay mayroong gantimpala. Kung ang isang tao ay gumawa ng isang halāl sa halip na harām, siya ay magagantimpalaan ni Allah, ang Kataas-taasan, mula sa Kanyang pagkalaki-laking awa.

Halimbawa ang pagkakaroon ng balahibo sa binti ay hindi napuna sa Qur’ān o Sunnah. Napagpasyahan ng mga pantas, samakatuwid, na napabibilang ito sa mga bagay na hindi nabanggit, na maipagpapalagay naman nating ipinahihintulot. Kung nanaisin na alisin o hayaang tumubo ito, ang gayon ay hindi ginagantimpalaan o pinarurusahan; ang kapuwa gawain ay walang masama ayon sa Fiqh ng Islam. Maaaring magantimpalaan, gayon pa man, kapag inalis ito kung ang layunin ay marangal. Halimbawa, kung inalis ng isang babae ang balahibo sa binti upang magpaganda para sa kanyang asawa, iyan ay gagantimpalaan ni Allah dahil ang pagpapaganda para sa asawa ay isang mabuting gawain, hindi lamang ipinahihintulot na gawain bagkus isang itinatagubilin. Kung pinanatili naman ng isang lalaki, sa kabilang dako, ang kanyang balahibo sa binti dahil iniiwasan niyang matulad sa mga babae sa kanyang kultura, gagantimpalaan siya ni Allah, ang Napakamaawain, dahil ang paglilinaw sa kasarian ay isang kapuri-puring gawain, Mustahabb, hindi lamang Halāl.

ARALIN 4

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam
- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal
 - Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam
- Ilan sa mga Layunin ng Islam
 - (A) Pagsamba kay Allah Lamang
 - (B) Pagpapalaya sa mga Tao sa Pagsamba sa Ibang mga Tao o Pagsamba sa Anumang Bagay
 - (C) Pagpapalago at Pagtutumpak sa Buhay sa Mundo
 - (D) Katarungan at Pagbabawal sa Kawalang Katarungan sa Iba
 - (E) Totoong Kapayapaan
- Ang Matataas na Layunin ng Shari’ah
- Pagpapakalabis sa Relihiyon
 - Ang Balanseng Pamamaraan
 - Ginhawa at Kawalan ng Hirap sa Batas
 - Kalupitan sa Tao

4 Kinasusuklaman (Makrūh)

Isipin: “Mainam na hindi gawin.”

Ang Makrūh ay hiling ng Tagapagbatas na nag-uutos sa individuwal na iwasan ang isang bagay, ngunit hindi sa paraang nagbabawal. Hindi kanais-nais kapag ginawa ito; gayon pa man walang kaparusahan.

Halimbawa, ang pag-inom nang nakatayo ay hindi kanais-nais. Hig-it na mainam kung nakaupo ang tao habang umiinom. Ang gawi ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay uminom habang nakaupo, hindi nakahiga ni nakatayo⁵. Kaya itinuturing na hindi kanais-nais, Makruh, na uminom habang nakatayo. Gayon pa man, kung nagkataong uminom habang nakatayo, hindi rin naman nagkakasala o maparusahan.

5 Ipinagbabawal (Harām)

Isipin: “Kailangang hindi mo gawin.”

Ito ay isang kahilingang kailangang gampanan ang pag-iwas sa isang gawain. Ang paggawa ng gawaing Harām ay maparusahan at ang hindi paggawa niyon ay ginagantimpalaan sa mundong ito at sa kabilang-buhay.

Halimbawa, ang pagpapakalango sa pamamagitan ng anumang bagay ay mariing ipinagbabawal sa Islam. Ang isip ay dapat pangalagaan sapagkat nakagagawa ng maraming nakapipinsalang kapasyahan dala ng pagkalango at pagkamanhid ng mga panda-ma at budhi. Ipinagbabawal pa nga ng Islam kahit pa ang kakaunting bagay na makapagpapalango sa isang tao kapag ginamit nang maramihan. Ang malinaw at di-natatakdaang pagbabawal na ito ay nangangahulugang kapag gumamit ang isang tao

ARALIN 4

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam

- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal

- Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam

- Ilan sa mga Layunin ng Islam

(A) Pagsamba kay Allah

Lamang

(B) Pagpapalaya sa mga Tao sa

Pagsamba sa Ibang mga

Tao o Pagsamba sa

Anumang Bagay

(C) Pagpapalago at Pagtutumpak

sa Buhay sa Mundo

(D) Katarungan at Pagbabawal

sa Kawalang Katarungan

sa Iba

(E) Totoong

Kapayapaan

- Ang Matataas na Layunin

ng Shari'ah

- Pagpapakalabis sa

Relihiyon

- Ang Balanseng

Pamamaraan

- Ginhawa at Kawalan ng Hirap

sa Batas

- Kalupitan sa Tao

¹ May pagkakataong uminom ang Propeta (pbuh) na nakatayo noong uminom siya ng tubig ng Zamzam mula sa isang balon ng Makkah. Napaghulo ng mga pantas na sam-akatuwid Halal ang uminom ng tubig ng Zamzam nang nakatayo, ngunit hindi ng ibang inumin.

ARALIN 4

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam
- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal
 - Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam
- Ilan sa mga Layunin ng Islam
 - (A) Pagsamba kay Allah Lamang
 - (B) Pagpapalaya sa mga Tao sa Pagsamba sa Ibang mga Tao o Pagsamba sa Anumang Bagay
 - (C) Pagpapalago at Pagtutumpak sa Buhay sa Mundo
 - (D) Katarungan at Pagbabawal sa Kawalang Katarungan sa Iba
 - (E) Totoong Kapayapaan
- Ang Matataas na Layunin ng Shari'ah
- Pagpapakalabis sa Relihiyon
 - Ang Balanseng Pamamaraan
 - Ginhawa at Kawalan ng Hirap sa Batas
 - Kalupitan sa Tao

ng nakalalangong bagay—droga o inuming nakalalasing, halimbawa—maparurusahan siya ni Allah, ang Napakamakatarungan, sa mundong ito at sa kabilang-buhay. Kapag nalulong ang isang tao sa gayong gawain, kailangang magpunyagi siyang magbalik-loob at ituwid ang sarili. Kung nagtagumpay ang isang tao na maiwasan ang mga nakalalangong bagay, gagantimpalaan siya ni Allah, ang Pinakamakatarungan, sa mundong ito at sa kabilang-buhay. Idinadalangin natin na lumayo ang mga kapatid natin sa Islam sa lahat ng uri ng mga nakalalangong bagay, dahil ang pagkasugapa ay isang sakit na mahirap mapagtagumpayan sa sandaling naging sugapa na at pinamamalagi nito ang isang kapaligiran ng mga suliranin sa buhay ng tao, pamilya, at lipunan.

Ilan sa mga Layunin ng Islam

Ang mga katuruan ng Islam ay hindi lamang mga rituwal o mga hiwaga na walang katuturan o kadahilanan sa mga ito. Sa halip, ang kapahayagan ay nakatutok sa ilang napakalinaw na minimithing mga layunin. Ang mga partikular na kahatulan ay mayroong mga partikular na kadahilanan at mga pakinabang. Mayroon ding mga pangkalahatang tema na maaaring pagpasyahan mula sa kalipunan ng mga kahatulan sa kabuuan. Ang mga pangunahing layuning ito ay sumasaklaw sa sumusunod:

(A) Pagsamba kay Allah Lamang

Walang duda, ang pinakadakilang layunin ng Islam at ang pinakadakilang ambag nito sa kapakanan ng sangkatauhan ay ang totoo at dalisay na pagsamba kay Allah lamang, nang hindi nagtatambal ng anumang mga katambal sa Kanya. Ito sa katotohanan ang pangunahing hangarin at layunin ng isang tao. Sinabi ni Allah:

وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ

“Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kundi upang sambahin nila Ako. (Qur'an, 51:56)

Maaaring wala nang layuning higit na kagalang-galang at marangal kaysa sa layuning ito para sa isang tao.

(B) Pagpapalaya sa mga Tao sa Pagsamba sa Ibang mga Tao o Pagsamba sa Anumang Bagay

Malinaw, ito ay tuwirang kinahihinatnan ng unang simulain ng pagsamba kay Allah lamang. Gayon pa man, karapat-dapat na banggitin ito nang hiwalay sapagkat ang mga taong nagdodomina at nanlulupig ng ibang mga tao ay isa sa pinakamatindi sa mga trahedya sa kasaysayan ng sangkatauhan, ikalawa marahil sa trahedya ng pagtanggap ng mga tao sa gayong kalagayan at ng kusang-loob na pagpapasakop sa ibang mga tao.

(C) Pagpapalago at Pagtutumpak sa Buhay sa Mundo

Ang Islam ay isang magandang relihiyon na tumutugon sa mga pangangailangan ng kapuwa katawan at kaluluwa. Ang isang tao ay binubuo ng kapuwa espirituwal at gayon din ng materyal na bahagi. Ang kapuwa bahagi ng isang tao ay kailangang kilalanin bilang “totoo,” nang walang isa man sa mga ito na winawalang-bahala o ikinakaila. Karagdagan pa, ang individuwal ay nangangailangan ng dalawang aspetong ito ng kanyang pagkatao. Kung hindi, ang isang aspeto ay mangingibabaw sa iba o sasalungat sa iba at ang individuwal ay hindi magtatamo kailanman ng totoong kaligayahan.

(D) Katarungan at Pagbabawal sa Kawalang Katarungan sa Iba

Ang buhay sa Daigidig ay hindi maaaring maging totoong lumalago at matino nang walang katarungan. Kaya naman, ang panawagan at ang pagpapatupad ng katarungan ay isa sa pinakamahalaga sa mga katangian ng Islam. Sa maraming bahagi ng Qur’ān, ipinag-uutos ni Allah sa mga Muslim na tugunin ang mga hinihingi ng katarungan, kahit pa man ang mga ito ay sumalungat sa kanilang sariling mga kapakanan o mga pangangailangan.

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam
- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal
 - Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam
- Ilan sa mga Layunin ng Islam
 - (A) Pagsamba kay Allah Lamang
 - (B) Pagpapalaya sa mga Tao sa Pagsamba sa Ibang mga Tao o Pagsamba sa Anumang Bagay
 - (C) Pagpapalago at Pagtutumpak sa Buhay sa Mundo
 - (D) Katarungan at Pagbabawal sa Kawalang Katarungan sa Iba
 - (E) Totoong Kapayapaan
- Ang Matataas na Layunin ng Shari’ah
- Pagpapakalabis sa Relihiyon
 - Ang Balanseng Pamamaraan
 - Ginhawa at Kawalan ng Hirap sa Batas
 - Kalupitan sa Tao

Halimbawa, sinabi ni Allah:

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُونُوا قَوَّامِينَ لِلَّهِ شُهَدَاءَ بِالْقِسْطِ . وَلَا يَجْرِمَنَّكُمْ شَنَا نُ قَوْمٍ عَلَىٰ أَلَّا تَعْدِلُوا .
اغْدِلُوا هُوَ أَقْرَبُ لِلتَّقْوَىٰ . وَاتَّقُوا اللَّهَ . إِنَّ اللَّهَ خَبِيرٌ بِمَا تَعْمَلُونَ

“ O mga sumampalataya, kayo ay maging mga tagapagtaguyod para kay Allah, mga saksi sa katarungan. Huwag ngang mag-uudyok sa inyo ang pagkasuklam sa ilang tao upang hindi kayo maging makatarungan. Maging makatarungan kayo; ito ay pinakamalapit sa pangingilag sa pagkakasala. Mangilag kayong magkasala kay Allah; tunay na si Allah ay Nakababatid sa anumang ginagawa ninyo. (Qur’ān, 5:8)

Ang katarungan na napakahalaga sa Islam ay sumasaklaw nang higit sa buhay na ito hanggang sa Kabilang-buhay. Sa madaling salita, hahatulan ni Allah ang lahat ng mga individuwal sa pinakamakatarungang paraan at hindi Niya lalabagin sa katarungan sa anuman ang sinuman. Bahagi ng katarungang ito ay na walang individuwal na papasan sa kasalanan ng iba at walang sinumang pananagutin sa anumang higit sa kanyang kakayahan.

(E) Totoong Kapayapaan

Ang Liwanang at ang Patnubay mula kay Allah ay ang landas tungo sa totoong kapayapaan.

Halimbawa, sinabi ni Allah:

قَدْ جَاءَكُمْ مِنَ اللَّهِ نُورٌ وَكِتَابٌ مُبِينٌ * يَهْدِي بِهِ اللَّهُ مَنِ اتَّبَعَ رِضْوَانَهُ سُبُلَ السَّلَامِ وَيُخْرِجُهُم مِّنَ الظُّلُمَاتِ إِلَى النُّورِ بِإِذْنِهِ وَيَهْدِيهِمْ إِلَى صِرَاطٍ مُسْتَقِيمٍ

“ May dumating nga sa inyo mula kay Allah na isang liwanag at isang Aklat na naglilinaw, na pinapatnubayan sa pamamagitan nito ni Allah ang sinumang sumunod sa kinalulugdan Niya, ang mga landas ng kapayapaan, inilalabas Niya sila mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag ayon sa kapahintutulan Niya, at pinapatnubayan Niya sila sa landasing tuwid. (Qur’ān, 5:15-16)

ARALIN 4

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam

- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal

- Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam

- Ilan sa mga Layunin ng Islam

(A) Pagsamba kay Allah

Lamang

(B) Pagpapalaya sa mga Tao sa

Pagsamba sa Ibang mga

Tao o Pagsamba sa

Anumang Bagay

(C) Pagpapalago at Pagtutumpak

sa Buhay sa Mundo

(D) Katarungan at Pagbabawal

sa Kawalang Katarungan

sa Iba

(E) Totoong

Kapayapaan

- Ang Matataas na Layunin ng Shari’ah

- Pagpapakalabis sa

Relihiyon

- Ang Balanseng

Pamamaraan

- Ginhawa at Kawalan ng Hirap

sa Batas

- Kalupitan sa Tao

ARALIN 4

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam
- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal
 - Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam
- Ilan sa mga Layunin ng Islam
 - (A) Pagsamba kay Allah Lamang
 - (B) Pagpapalaya sa mga Tao sa Pagsamba sa Ibang mga Tao o Pagsamba sa Anumang Bagay
 - (C) Pagpapalago at Pagtutumpak sa Buhay sa Mundo
 - (D) Katarungan at Pagbabawal sa Kawalang Katarungan sa Iba
 - (E) Totoong Kapayapaan
- Ang Matataas na Layunin ng Shari'ah
- Pagpapakalabis sa Relihiyon
 - Ang Balanseng Pamamaraan
 - Ginhawa at Kawalan ng Hirap sa Batas
 - Kalupitan sa Tao

Ang totoo at lubos na kapayapaan ay makakamtan lamang kapag ang mga individuwal mismo ay nagtamo ng panloob na kapayapaan. Ibinubunga ito ng Islam o totoong pagpapasakop kay Allah lamang. Ito ang natatanging pamamaraan ng pamumuhay na kasang-ayon sa kalikasan ng mga tao.

Ang Matataas na Layunin ng Shari'ah

Ang Shari'ah (Batas ng Islam) sa kalahatan ay nakabatay sa mga kapakinabangan sa individuwal at komunidad, at ang mga batas nito ay inilaan upang pangalagaan ang mga kapakinabangang ito at padaliin ang pagpapabuti at ang paglulubos sa mga kalagayan ng buhay ng tao sa mundo.

Pagpapakalabis sa Relihiyon

Sa kasamaang-palad, ang isa sa mga kamalian na nag-aakay sa mga tao sa kawalang paggalang sa mga pagkakaiba ng mga opinyon sa Fiqh ay ang nagaganap ng pagpapakalabis (extremism). Ang pagpapakalabis ay isang sakit na dumapo sa ilan sa Muslim na mga individuwal at mga pangkat. Bilang isang bunga ng pagpapakalabis, may mga individuwal na nag-iisip at umaasal nang walang kaluwagan at para bagang nakatuon ang buhay sa dalawa bagay lamang.

Sa kanilang sariling pag-iisip, ang lahat ay itim o puti, tama o mali, at dahil mayroon lamang iisang tunay na katotohanan, hindi maaaring magkaroon ng paggalang sa mga pagkakaiba. Sa katotohanan, ito ay isang kahambugan na maniwala na ang isa ay palaging tama, at ang lahat ng mga iba pa ay palaging mali. Ang kahambugan ay sumasalungat sa kaasalan at moralidad na maka-Islam. Karagdagan pa, ang kawalang kaluwagan mismo ay pinupulaan sa Qur'an at Sunnah. Ang pagpapakalabis ay nauwi sa maraming kasamaan sa daigdig ng Islam, kaya mahalagang talakayin ito rito. Ang Islam ay gitnang daan, likas na salungat sa mga pagpapakalabis.

Ang Balanseng Pamamaraan

Ang balanseng pamamaraan ng Islam ay isa sa pinakahayag na mga katangian nito. Likas lamang, kung gayon, ito rin ang isa sa pinakahayag na mga katangian ng komunidad na tumatanggap sa paanyaya sa Islam. Sinabi ni Allah:

كَذَلِكَ جَعَلْنَاكُمْ أُمَّةً وَسَطًا لِتَكُونُوا شُهَدَاءَ عَلَى النَّاسِ وَيَكُونَ الرَّسُولُ عَلَيْكُمْ شَهِيدًا

Gayon Namin kayo ginawang isang makakatamtamang kalipunan upang kayo ay maging mga saksi sa mga tao at ang Sugo naman ay maging saksi sa inyo. (Qur'ān, 2:143)

Samakatuwid, makikitang ang Islam ay naglalahad ng katamtamang pamamaraan sa bawat aspeto ng buhay. Hindi lamang iyon, nagbibigay-babala rin ito laban sa pagdako sa alinmang pagpapalabis: ang pagpapalabis ng sobra-sobrang kasigasigan at ang pagpapalabis ng sobra-sobrang pagwawalang-bahala.

Ginhawa at Kawalan ng Hirap sa Batas

Ang isa sa mga pinakamalinaw na aspeto ng Batas ng Islam ay ang layuning magdulot ng ginhawa sa mga tao at maglayo ng hirap para sa kanila habang nagpapanatili ng kaaya-ayang mga resulta para sa lahat. Kaya naman, ito ay hindi layuning malaya sa lahat ng iba pang mga layunin. Sa madaling salita, mayroong pagkadami-daming layunin, gaya ng awa, katarungan, pagkapantay-pantay, pagkabalanse, at iba pa. Sa loob ng kalagayan ng pagtugon sa mga layuning iyon, gayunman, si Allah, dahil sa Kanyang Awa at Dunong, ay gumawa ng batas para sa mga tao na nagbibigay ng ginhawa para sa kanila, na walang anumang di-makatwirang mga pahirap.

May ilang talata ng Qur'ān na tumutukoy sa napakahalagang katangiang ito ng Islam.

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam
- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal
 - Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam
- Ilan sa mga Layunin ng Islam
 - (A) Pagsamba kay Allah Lamang
 - (B) Pagpapalaya sa mga Tao sa Pagsamba sa Ibang mga Tao o Pagsamba sa Anumang Bagay
 - (C) Pagpapalago at Pagtutumpak sa Buhay sa Mundo
 - (D) Katarungan at Pagbabawal sa Kawalang Katarungan sa Iba
 - (E) Totoong Kapayapaan
- Ang Matataas na Layunin ng Shari'ah
- Pagpapakalabis sa Relihiyon
 - Ang Balanseng Pamamaraan
 - Ginhawa at Kawalan ng Hirap sa Batas
 - Kalupitan sa Tao

Halimbawa, sinabi ni Allah:

لَا يُكَلِّفُ اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا . لَهَا مَا كَسَبَتْ وَعَلَيْهَا مَا اكْتَسَبَتْ

“Hindi nag-aatang si Allah sa isang kaluluwa malibang ayon sa kakayahan nito. Ukol dito ang kabutihang nakamit nito at laban dito ang kasamaang nakamtan nito. (Qur’ān, 2:286)

Ang simulaing ito ng ginhawa at pag-aalis ng hirap ay itinatanghal sa kabuuan ng maraming sangay ng Batas ng Islam. Kahit ang pagiging isang Muslim ay hindi nangangailangan ng espesyal na pagdodoktrina o seremonya. Sa katunayan, hindi nga ito nangan-gailangan ng pagsang-ayon o pangangasiwa ng sinuman.

Kabagsikan sa Tao

Ang relihiyong Islam na ito ay nakabatay sa pagdudulot ng ginha-wa at pag-aalis ng hirap. Ang patunay para riyān ay malaki. Ginawa ni Allah ang relihiyong ito bilang awa sa sangkatauhan, nang may kapayakan at kaginhawahan. Ang saligan ng misyon ng Sugo ay ang pagkahabag at pagkaawa sa mga tao at ang pag-aalis ng mga tanikala at mga posas na pinagdurusahan ng isang pangkat ng sangkatauhan.

Ang Sugo mismo ni Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Hindi ako ipinadala ni Allah bilang tagapagdulot ng pahirap o tagahanap ng kanilang mga mali, bagkus ipinadala ako ni Allah bilang tagapagturo at tagapagdulot ng ginhawa.” (Al-Bukhārīy)

Lubha ang kahalagahan ng paglayo sa mapaminsalang gawi ng pagpapakalabis. Kailangang mabatid ng mga tao ang sumusunod:

ARALIN 4

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam
- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal
 - Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam
- Ilan sa mga Layunin ng Islam
 - (A) Pagsamba kay Allah Lamang
 - (B) Pagpapalaya sa mga Tao sa Pagsamba sa Ibang mga Tao o Pagsamba sa Anumang Bagay
 - (C) Pagpapalago at Pagtutumpak sa Buhay sa Mundo
 - (D) Katarungan at Pagbabawal sa Kawalang Katarungan sa Iba
 - (E) Totoong Kapayapaan
- Ang Matataas na Layunin ng Shari’ah
- Pagpapakalabis sa Relihiyon
 - Ang Balanseng Pamamaraan
 - Ginhawa at Kawalan ng Hirap sa Batas
 - Kalupitan sa Tao

ARALIN 4

Fiqh ng Islam

- Mga Madhhab ng Fiqh ng Islam
- Pagpapakahulugan sa Batas: Kalikasan ng mga Kahatulang Legal
 - Ang Limang (5) Antas na Saklaw ng Tama at Mali sa Fiqh ng Islam
- Ilan sa mga Layunin ng Islam
 - (A) Pagsamba kay Allah Lamang
 - (B) Pagpapalaya sa mga Tao sa Pagsamba sa Ibang mga Tao o Pagsamba sa Anumang Bagay
 - (C) Pagpapalago at Pagtutumpak sa Buhay sa Mundo
 - (D) Katarungan at Pagbabawal sa Kawalang Katarungan sa Iba
 - (E) Totoong Kapayapaan
- Ang Matataas na Layunin ng Shari'ah
- Pagpapakalabis sa Relihiyon
 - Ang Balanseng Pamamaraan
 - Ginhawa at Kawalan ng Hirap sa Batas
 - Kalupitan sa Tao

1. Una sa lahat, kailangang paalalahanan natin ang ating mga sarili at ang mga iba pa ng maraming Hadīth na nagbabala laban sa pagpapakalabis at nananawagan sa pagkakatataman, pagkabalanse, at katarungan.

Halimbawa, sinabi ng Propeta (ﷺ): “Walang sinumang nagpapakalabis sa kanyang pananampalataya na hindi iginugupo niyon.” (Muslim)

2. Kailangan din nating mapaalalahanan ng kasamaan ng kahihinatnan ng pagpapakalabis, ang hindi pinakamababa niyon ay ang katotohanan na ang pagpapakalabis ay isang paraan ng pagtatatwa sa Sunnah ng Propeta natin at nagdudulot ito ng matitinding pahirap sa mga tao.

3. Ang pagpapakalabis ay nanganganak ng kabaliktaran nito, kahit na sa mismong individuwal. Mayroong maraming kaso ng mga tao na nagpakalabis-labis sa kanilang relihiyon, na naghatid sa kanila sa puntong halos talikuran na nila nang lubusan ang kanilang pananampalataya.

4. Kailangan nating mapaalalahanan na manalangin kay Allah para sa patnubay, lalo na sa patnubay sa “tuwid na landas.” Kapag tumayo ang Propeta (ﷺ) sa kanyang panggabing dasal ay sinasabi niya:

“O Allah, Panginoon nina Gabriel, Mikail, at Israfil, Tagapaglalang ng mga langit at lupa, Nakaaalam sa nakalingid at nasasaksihan, Ikaw ay humahatol sa pagitan ng mga lingkod Mo sa anumang pinagtatalunan nila. Patnubayan Mo ako sa pinagtalunang katotohanan ayon sa kapahintulutan Mo. Tunay na Ikaw ay nagpapatnubay sa sinumang niloloob Mo tungo sa tuwid na landas.” (Muslim)

Dumadalangin tayo na nawa’y manatiling matatag ang ating mga bagong kapatid na Muslim sa gitnang daan at maiwasan ang suliranin ng pagpapakalabis.

ARALIN

5

Ang mga Saligan ng Relihiyon

Mga Layunin

Sa katapusan ng pag-aaral na ito, nararapat na malaman ng mag-aaral:

- Ang 5 Saligan ng Islam;
 - Ang 6 Saligan ng Pananampalataya.
-

Mga Kaalinsabay na Kakailanganin

- Mga Araling Mapapanood sa Video
-

Iminumungkahing Babasahin:

- Islamic Creed Based on Qur'ān and Sunnah ni Muhammad bin Jamil Zino
- The Muslim Belief ni Muhammad b. Saleh al-Uthaymīn
- Minhaj Al-Muslim ni Abu Bakr Jabir Al-Jaza'iry

Ang mga Saligan ng Relihiyon

Ang mga saligan ng gawain at paniniwala sa Islam ay hinango mula sa maraming pinagmulan, kabilang na ang maraming talata ng Qur'ān at mga tumpak na hadīth ng Sunnah, lalo na ang isang pangyayari na lumitaw si Anghel Gabriel sa anyo ng isang lalaki. Nilapitan ng anghel si Propeta Muhammad (ﷺ) habang nakaupo sa isang pangkat at itinanong niya sa Propeta (ﷺ) ang mga sumusunod na tanong:

- Magpabatid ka sa akin ng tungkol sa Islam.
- Magpabatid ka sa akin ng tungkol sa Pananampalataya.
- Magpabatid ka sa akin ng tungkol sa Kahusayan.
- Magpabatid ka sa akin ng tungkol sa Huling Sandali (i.e. ang Araw ng Paghuhukom).

Matapos sumagot ang Propeta (ﷺ), tumindig si Gabriel at lumisan. Bumaling ang Propeta (ﷺ) sa kanyang mga Kasahamahan na nakasaksi sa pag-uusap at nagsabi: “Iyon si Gabriel. Dumating siya upang turuan kayo ng relihiyon ninyo.” (Muslim, Abū Dāwud, at-Tirmidhiy, an-Nisā'iy)

Ang Limang Saligan ng Islam

Nang humiling si Anghel Gabriel: **“O Muhammad, magpabatid ka sa akin ng tungkol sa Islam,”** bumanggit si Propeta Muhammad (ﷺ) ng limang gawain na nakilala bilang limang saligan ng Islam, at nagsabi si Gabriel: **“Nagsabi ka ng totoo.”**

Nag-utos si Allah, ang Napakamaawain, ng limang gawain na pinagbatayan ng buong relihiyong Islam. Ang mga gawaing pagsambang ito ay ang sumusunod:

1. Ang Pagsasaksi sa Pananampalataya (Shahādah)

Kailangang ipahayag ang pagsaksi na ito sa pananampalataya, na binuod sa dalawang pahayag:

- (a) Walang Diyos na karapat-dapat sambahin kundi si Allah,
- (b) Si Muhammad ay Sugo Niya.

Sa pamamagitan ng paniniwala at pagpapahayag ng pagsaksi sa pananampalataya (Shahādah) pumapasok ang tao sa bakuran ng Islam. Ito ang pangunahing paniniwala na pinananatili ng isang mananampalataya sa buong buhay niya at ang batayan ng lahat ng mga paniniwala at pagsamba ng isang Muslim.

2. Ang Pormal na Pagdarasal (Salāh)

Kailangang magsagawa ng limang dasal araw-araw sa mga takdang oras nito at mga itinakdang pamamaraan. Sa pamamagitan ng pagdarasal, napananatili ng isang Muslim ang kanyang kaugnayan kay Allah, naaalaala Siya palagi, at naiiwasang masadlak sa kasalanan.

3. Ang Kawanggawa (Zakāh)

Ang may naitabing isang takdang halaga ng yaman sa loob ng hindi bababa sa isang taon ay kailangang magtalaga ng isang takdang bahagi nito taun-taon para sa mga nakatalagang tatanggap na mga nangangailangan. Ang Zakah ay hindi pangkusang-loob na kawanggawa; ito ay tungkuling kailangang gampanan ng may maibibigay at karapatang panlipunan ng mga nangangailangang tao.

4. Ang Pag-aayuno (Sawm)

Ang mga Muslim ay kailangang mag-ayuno sa loob ng isang buwang pang-Islam (29 o 30 araw) sa buwan ng Ramadān, sa pamamagitan ng pagtigil sa pagkain, pag-inom, at pakikipagtalik mula sa madaling-araw hanggang sa paglubog ng araw. Ang layunin ng pag-aayuno, gaya ng nabanggit sa Qur'ān, ay upang madagdagan ang takot at kamalayan sa Diyos. Nakatutulong ito sa mga tao sa pakikiramay sa mga nagdarahop at mga nagugutom na tao, at dinadalisa nito ang katawan. Ang pag-aayuno sa Ramadān ay isang tungkulin para sa mga taong makakakaya nito.

ARALIN 5

Ang mga Saligan ng Relihiyon

*- Ang mga Saligan ng
Relihiyon*

*Ang Limang (5) Saligan ng
Islam*

*Ang Anim (6) na Saligan ng
Pananampalataya*

Ang ilang kalagayang pang-individuwal ay makapagpapahintulot sa isang tao na hindi mag-ayuno, pansamantala o panghabambuhay. Halimbawa, ang isang naglalakbay o isang babaing nasa sandali ng pagreregla ay pansamantalang hindi mag-aayuno; ang mga araw na hindi napag-ayunuhan ay pag-aayunuhan nila sa ibang araw kapag nakauwi o nakarating na, o natapos na ang pagreregla. Ang mga taong maysakit na may mga karamdamang hindi na gumagaling, na humahadlang sa pag-aayuno, gaya ng ilang uri ng diabetes, o mga matandang tao, ay maaaring magbigay ng kawanggawa sa halip na mag-ayuno. Wala naman talagang tunay na hirap sa katawan sa pag-aayuno; ito, higit sa anupaman, ay pagkakaroon ng tiyaga at pagtitiis. Kung mayroong tunay na pahirap at panganib sa katawan, maaaring hindi muna mag-ayuno ngunit pag-aayunuhan ang mga araw na hindi napag-ayunuhan sa ibang mga araw o magbigay ng kawanggawa bilang kapalit ng pag-aayuno.

5. Ang Peregrinasyon (Hajj)

Ang peregrinasyon sa Bahay ng Diyos, ang Ka'bah, sa Makkah ay tungkulin ng bawat Muslim na may kakayahan minsan sa buong buhay. Ang Hajj ay isang pisikal at nakikitang patunay ng kapatiran ng sangkatauhan at kanilang pagkapantay-pantay sa pagkaalipin kay Allah. Ang kakayahan sa pagsasagawa ng Hajj ay nagsasaalang-alang sa gastusin gayon din ang kalusugang pisikal.

Ang Anim na Saligan ng Pananampalataya

Nang hiniling ni Anghel Gabriel: “Magpabatid ka sa akin ng tungkol sa Pananampalataya,” inisa-isa ni Propeta Muhammad (ﷺ) ang anim na saligan ng pananampalataya na bandang huli ay nakilalang ang Anim na Saligan ng Pananampalataya.

ARALIN 5

*Ang mga Saligan ng Relihiyon
- Ang mga Saligan ng
Relihiyon
Ang Limang (5) Saligan ng
Islam
Ang Anim (6) na Saligan ng
Pananampalataya*

Ang Pananampalataya ay tinatawag sa Arabe na Īmān. Malamang madalas mong naririnig ang katawagang “Iman” na ginagamit ng mga Muslim. Ang Iman ay kumakatawan sa matatag na paniniwala sa puso, at hindi lamang bulag na paniniwala o walang siglang pagsunod. Ang mga katuruan ng Islam ay umiikot sa anim na aspetong ito na inilarawan ni Propeta Muhammad (ﷺ). Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang Paniniwala kay Allah, na nangangailangan ng sumusunod:

(i) Ang paniniwala sa kairalan ni Allah.

(ii) Si Allah ay ang Panginoon. Siya ang Tagapaglikha, ang Tagapagkaloob, ang Tagapagtustos, at ang May-ari ng buong sansinukob. Walang sinuman ang nakikibahagi sa mga gampaning ito.

(iii) Si Allah lamang ang karapat-dapat sa pagsamba. Walang pagsamba, o rituwal o labis-labis na pagpipitagan na iuukol sa iba pa kay Allah, maging sila man ay mga propeta, mga pari, mga santo, mga anghel, mga anito, o mga bato.

(iv) Si Allah ay mayroong pinakamaganda at pinakaganap na mga pangalan at mga katangian, na hindi maihahambing sa anumang. Siya ay Natatangi, hiwalay at naiiba sa Kanyang nilikha. Walang kasamaan o kakulangan ang maiuugnay sa Kanya.

2. Ang Paniniwala sa mga Anghel, na nangangailangan ng sumusunod:

(i) Ang paniniwala sa kairalan ng mga anghel, na mga nilikha ni Allah.

(ii) Ang paniniwala na sila ay walang karapatang pag-ukulan ng anumang anyo ng pagsamba.

(iii) Ang paniniwala sa mga pangalan na nakilala sa mga ito ang mga Anghel sa Qur'ān at Sunnah.

(iv) Ang paniniwala sa mga takdang tungkulin na itinalaga sa kanila ni Allah na nasasaad sa Qur'ān at Sunnah.

3. Ang Paniniwala sa mga Ipinahayag na Kasulatan, na nangangailangan ng sumusunod:

(i) Ang paniniwala na si Allah ay nagpahayag ng mga kasulatan sa ilang propeta.

(ii) Ang paniniwala na ang mga ito ay naglalaman ng katotohanan mula kay Allah.

(iii) Ang paniniwala na ang lahat ng naunang mga kasulatan bukod pa sa Qur'ān ay nabago na.

(iv) Ang paniniwala sa Qur'ān na mayroon itong ilang aspeto:

a) Ang paniniwala na ito ay isa sa mga kasulatan ni Allah.

b) Ang paniniwala na ito ay ang Pangwakas na Kapahayagan sa sangkatauhan, at na wala nang iba pang kasulatan na ipahahayag matapos nito.

c) Ang paniniwala na ang lahat ng nilalaman nito ay totoo, na hindi ito naglalaman ng kabulaanan.

d) Ang paniniwala na nananatili ito na walang pagbabago, at mananatiling gayon magpakailanman.

e) Ang paniniwala na pinawalang-bisa nito ang lahat ng mga kasulatang nauna rito.

4. Ang Paniniwala sa mga Sugo, na nangangailangan ng sumusunod:

(i) Ang paniniwala na si Allah ay nagpadala ng propeta sa bawat komunidad, na nag-aanyaya sa mga tao na sumamba at sumunod kay Allah lamang. Kailangang maniwala sa kanilang lahat, kilala man o hindi kilala, nang walang tinatanggihang sinuman sa kanila.

(ii) Ang paniniwalang sila ay pinakamabuti sa sangkatauhan, na pinili dahil sa kanilang kabutihan.

(iii) Ang paniniwalang sila ay mga tao lamang, hindi maladiyos sa anuman, at na sila ay walang anumang karapatang pag-ukulan ng pagsamba at hindi nila sinabing gawin iyon.

(iv) Ang paniniwalang sila ay naghatid lamang ng mensahe mula kay Allah at hindi sila gumawa ng batas mula sa ganang kanilang sarili.

(v) Ang paniniwalang hindi sila nagkamali sa paghahatid ng mensahe.

(vi) Ang paniniwalang ang pagtalima sa kanila ay kinakailangan.

(vi) Ang paniniwalang si Muhammad (ﷺ) ay Propeta.

5. Ang Paniniwala sa Buhay Pagkatapos ng Kamatayan at sa Huling Araw ng Paghuhukom, na nangangailangan ng sumusunod:

(i) Ang paniniwalang may isang araw na darating na magwawakas ang lahat, at ibabangon ni Allah ang mga nilikha mula sa kamatayan at hahatulan sila ayon sa kanilang mga gawa.

(ii) Ang paniniwalang ang mga sumampalataya at talagang sumunod sa tamang relihiyon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga propeta ay papasok sa Paraiso upang manatili magpakailanman, at ang mga tumangging sumampalataya ay papasok sa Impiyerno.

6. Ang Paniniwala sa Pagtatadhana ni Allah, na nangangailangan ng sumusunod

(i) Ang paniniwalang ang nangungunang kaalaman ni Allah ay masaklaw at lubos. Palagi Niyang nalalaman ang lahat ng mangyayari at hindi mangyayari, kahit bago pa man nilikha ang sangkatauhan.

(ii) Ang paniniwalang si Allah ay nagtala ng lahat ng mangyayari hanggang sa Araw ng Paghuhukom sa isang aklat na kilala sa tawag na “Ang Ina ng mga Aklat” o “Ang Pinangalagaang Lapida.”

(iii) Ang paniniwalang ang anumang niloob ni Allah ay nangyari, nangyayari, at mangyayari. Walang mangyayari na laban o wala sa kalooban Niya.

(iv) Nilikha ni Allah ang lahat.

Nabanggit natin dito ang pinakakaunting pangangailangan ng pananampalataya sa bawat isa sa anim na kategoryang ito na pinaniniwalaan ng mga Muslim. Ang lahat ng aspeto ng pananampalataya sa Islam ay mayroong lalong higit na maraming detalyeng matutuklasan sa pag-aaral, at bilang mga Muslim naniniwala tayo sa anumang tumpak na naisalaysay sa atin mula sa Qur’ān at Sunnah. Idinadalangin natin na magkaloob si Allah, ang Kataas-taasan, sa ating mga bagong kapatid sa Islam ng matatag na kaalaman at matibay na pananampalataya!

Pahuling Salita

Sa tekstong ito, nagpunyagi tayo na ilahad at ipaliwanag nang bahagya kahit papaano ang ilan sa pinakamahalagang mga paksa sa pag-aaral upang mamuhay bilang Muslim. Higit tayong tumuon sa mga paksang magbibigay-kakayahan sa mambabasa na magpakalawak sa kanyang pang-unawa sa pamamagitan ng pagbabasa at pag-aaral sa hinaharap, gaya ng pag-unawa sa mga salita at mga katawagang karaniwang ginagamit ng mga Muslim sa pagtuturo tungkol sa mga gawaing pang-Islam.

Hindi nakapagtataka, sa maliit na saklaw ng panahon, maraming mahalagang paksa ang hindi nasakop. Karagdagan pa, maraming paksang natalakay ay maaaring mangailangan pa ng paglilinaw. Umaasa tayo na gagawin ng ating mga bagong kapatid sa Islam ang nalalabing gawain sa pag-aaral ng mga pangunahing katuruang panrelihiyong ito sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga tanong, pagtatalakay, pagmumuni-muni, at pagsisikap na ipatupad ang natamong pagkaunawa.

Idinadalangin natin kay Allah, ang Pinakamakapangyarihan, na dulutan ang ating mga bagong kapatid ng pagkakataon at kaparaanan na isabuhay ang kanyang dakilang relihiyon sa lubusang kagandahan nito at lubusang kapakinabangan nito. Ipagpatuloy nawa ni Allah ang pagpatnubay sa mga hakbang mo at tanglawan nawa Niya ang landas mo sa pagkatuto at pagsasabuhay ng Islam!

Nagtatapos tayo nang may isang itinatagubiling panalangin para wakasan ang mabuting pananalita at magbayad-sala sa mga kakulangan at mga kamalian. Kaluwalhatian sa Iyo, O Allah, kalakip ng papuri sa Iyo! Sumasaksi ako na walang karapat-dapat sambahin maliban sa Iyo. Humihingi ako ng tawad sa Iyo at nagbabalik-loob ako sa Iyo.

